

PAGGALUGAD SA HINDI NAHAHATING SAKSI

Mga Tagasunod ni Hesus,
Pagpapaunlad ng Komunidad,
at Mga Komunidad na Hindi Gaanong Naaabot



Gabay Ng Kalahok

PAGGALUGAD SA HINDI NAHAHATING SAKSI

Mga Tagasunod ni Hesus,
Pagpapaunlad ng Komunidad,
at Mga Komunidad na Hindi Gaanong Naaabot

GABAY NG KALAHOK

Tagalog

PAGGALUGAD SA HINDI NAHAHATING SAKSI

GABAY NG KALAHOK

Bersyon 3.1; Hulyo 2025

Panimula at Unang Prinsipyo

Ano ang maaari kong asahan sa kurso ng *Paggalugad Sa Hindi Nahahating Saksi*?

Hinahangad natin na maluwalhati ang Diyos: sa ating buhay, sa mga hindi pa nakakakilala sa kanya, at higit sa lahat, sa buong mundo at sa lahat ng nilikha (Pahayag 5:13).

Madalas tayong nananalangin sa ating Ama sa langit, “Pumarito ang Iyong kaharian; mangyari ang Iyong kalooban.”. Paano natin ito isinasabuhay? Ano ang hitsura ng mga mensahero ng mabuting balita, at ano ang kanilang ginagawa, ang mga mensahero na may magagandang paa na nagpapahayag na ang Diyos ay naghahari (Isaias 52:7)?

Paggalugad sa Hindi Nahahating Saksi ay nakabatay sa sampung prinsipyong binuo sa aklat *Hundivided Witness: Jesus followers, community development, and least reached communities* (Regnum 2020) *Hindi Nahahating Saksi: Mga tagasunod ni Hesus, pag-unlad ng komunidad, at mga komunidad na hindi gaanong naaabot* (Regnum 2020). Ang mga prinsipyong iyon ay pinagsama-samang karanasan ng mga bihasang manggagawa sa pagpapaunlad ng komunidad na naglilingkod sa OM, kasama ang mga kalahok mula sa Oxford Centre for Mission Studies, All Nations Christian College, at dalawa pang organisasyon.

Simula sa kaharian ng Diyos at kung paano tayo papasok dito, ang mga prinsipyo ay dumadaloy sa mga temang pagluwalhati sa Diyos sa pamamagitan ng tunay na mahalagang buong misyon (integral mission). Ang talakayan tungkol sa espirituwal na pakikidigma ay sinusundan ng isang kawing sa pangangalaga sa lahat ng nilikha at ang pangangailangan para sa intensyonalidad sa ating hindi nahahating saksi, sa ating pagiging ganap na saksi. Ang pangangailangan para sa kahusayan sa pagpapaunlad ng komunidad ay kaakibat ng mga prinsipyo para sa paninumulan ng mga bagong komunidad ng mga tagasunod ni Hesus, pagkatapos ay tinatapos sa isang pagninilay-nilay kung bakit ang mga hindi gaanong naaabot ay madalas na napapabayaan.

Ang kursong ito ay dinisenyo upang maibahagi sa labing-isang linggo: isa para sa bawat isa sa sampung prinsipyo, pagkatapos ay isang sesyon ng pagtatapos upang isaalang-alang ang ating mga natutunan, kung ano pa ang gusto nating matutunan, at kung paano tayo maaaring magpatuloy. Ang sentro ng lingguhang sesyon ay dapat tumagal ng humigit-kumulang 75 minuto; iminumungkahi namin na magplano kayo ng 90 minuto upang mabigyan ng oras ang grupo na magkumustahan, magkuwentuhan, at manalangin nang sama-sama.

Ang mga sesyon ay pangungunahan ng isang tagapagpadaloy; ang pagkatuto ay magmumula sa pagninilay at talakayan (hindi mula sa mga lektura). Ang aklat *Undivided Witness* ay tunay na magandang basahin; hinihikayat namin ang mga mag-aaral na kumuha ng kopya at basahin ito kung maaari. Gayunpaman, maaaring tapusin ng mga kalahok ang pag-aaral na ito at makinabang dito nang hindi binabasa ang nasabing libro.

Magkakasama nating aralin ang “**Galugarin Ang Hindi Nahahating Saksi**”, umaasa kami na magkakaroon ka ng mas malalim na pag-unawa sa kung ano ang ibig sabihin ng pagiging tunay na ganap na sambayanan. Ang ebanghelyo ay hindi lamang ipinapahayag, o kaya ang mabubuting gawa ay ginagawa nang hiwalay. Ang pagpapakita at pagpapaliwanag ng mabuting balita ay hindi maaaring paghiwalayin o pilitin sa mga kategorya ng prayoridad. Ang mga taong ating nilalapitan ay mga bounng tao. Ang bawat tao ay nilikhang payak at buo – hindi tayo katawan lamang na dapat pagalingin at mga kaluluwang dapat ililigtas. Halintulad ni Hesus, lumalapit tayo sa komunidad bilang ganap na tao. Kapag hindi ganito and ating pananaw, huwag na lamang tayong pumunta sa kanila.

Tayo na, at sabay-sabay galugarin ang pagiging ganap na saksi!

Paggalugad sa Undivided Witness: Gabay sa Tagapagpadaloy © 2025 ni David Greenlee at ang koponan ay may lisensya sa ilalim ng Creative Commons Attribution-NonCommercial-NoDerivatives 4.0 International. Para tingnan ang kopya ng lisensyang ito, bisitahin ang <https://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/4.0/>

Larawan sa pabalat ©Quang Nguyen Minh mula sa pixabay.com. Iba pang mga larawan sa kagandahang-loob ng OM International nina Justin Lovett, Alex Coleman, Rebecca Rempel at Garrett Nasrallah.



Unang Prinsipyo: Ang Pag-Unawa Sa Kaharian Ng Diyos Ay Pundamental

Mga Layunin para sa Talakayang Ito:

1. Makikilala ng mga kalahok sa ating pangkat kung paano ginamit ni Hesus ang parehong demonstrasyon at paliwanag upang matulungan ang mga tao na maunawaan ang kaharian ng Diyos.
2. Magsisimulang isaalang-alang ng mga kalahok sa ating pangkat kung paano mahuhubog ng pag-unawa sa kaharian ng Diyos ang kanilang sariling ministryo.

Panimula Sa Aral Ng Paggalugad Sa Hindi Nahahating Saksi

1. Basahin ang “Ano Ang aasahan mula sa pag-aaral na ito” sa nakaraang pahina.

Ang Kaharian ng Diyos

2. Simulan natin sa pagtingin sa Unang Prinsipyo. Ang Listahan ng mga Prinsipyo ay ipapadala sa mga kalahok bilang isang hiwalay na dokumento.

Buod ng Unang Prinsipyo: “*Ang Pag-Unawa Sa Kaharian Ng Diyos Ay Pundamental*”

3. Ang pag-unawa sa kaharian ng Diyos ay mahalaga, kaya tingnan natin kung ano nga ba ang Kaharian ng Diyos. Ang kaharian ay maaaring tukuyin bilang ang lugar kung saan naghahari ang hari. Kung mayroong kaharian, nangangahulugan ito na mayroon ding hari. Ang kaharian ng Diyos ay nakasentro sa ating minamahal na Hari.
4. Paano natin nauunawaan ang kaharian ng Diyos? Iminumungkahi namin na ang pinakamagandang paraan upang lumago ang pag-unawa sa kaharian ng Diyos ay ang tumingin kay Hesus, ang Hari!
5. Gusto nating tumuon sa dalawang paraan kung paano tayo tinutulungan ni Hesus na maunawaan ang kaharian – sa pamamagitan ng Paggawa at Pagpapaliwanag.

A. Paggawa: Ang ibig naming sabihin sa paggawa ay *mga aksyon*, mga bagay na ginawa ni Jesus na nagpapakita sa atin kung ano ang hitsura ng kaharian ng Diyos.

B. Pagpapaliwanag: Ang pagpapaliwanag ay tungkol sa mga salitang ginamit ni Hesus upang tulungan tayong maunawaan ang kaharian. Tinulungan tayo ni Hesus na maunawaan ang kaharian sa pamamagitan ng pagkukuwento sa mga tao at, kung minsan, pagpapaliwanag ng mga ito sa mga disipulo. Ipinaliwanag ni Hesus ang kaharian sa pamamagitan ng kanyang pagtuturo, pati na rin sa pamamagitan ng pagtatanong at pagsagot sa mga tanong.

6. Suriin natin ang dalawa sa mga ito nang mas malapitan, simula sa Paggawa. Sa ibaba lamang ay may ilang mga pahayag na maaari nating gawin tungkol sa kaharian ng Diyos, batay sa mga ginawa ni Hesus.

- A. Ang kaharian ng Diyos ay kung saan ang mga taong may sakit ay pinagaling.
- B. Ang kaharian ng Diyos ay kung saan pinapakakain ang mga nagugutom.
- C. Ang kaharian ng Diyos ay kung saan nadadaig ang kapangyarihan ng kadiliman.
- D. Ang kaharian ng Diyos ay kung saan ang bawat tao ay may halaga.
- E. Ang kaharian ng Diyos ay kung saan ang lahat ay malugod na tinatanggap.

7. Susunod, tingnan natin ang Pagpapaliwanag. May ilang bahagi sa Kasulatan kung saan mababasa nating sinabi ni Hesus na, "Ang kaharian ng Diyos ay katulad ng ..." at pagkatapos ay nagkuwento siya upang matulungan tayong maunawaan ang kaharian.

Ano ang ilan sa mga kuwentong "kaharian ng Diyos ay katulad ng ..." na isinalaysay ni Hesus?

ANG IYONG MGA SAGOT:

- ✓
- ✓
- ✓
- ✓

8. Ano ang ilan pang mga paraan kung paano ginamit ni Jesus ang mga salita upang ipaliwanag ang kaharian ng Diyos?

ANG IYONG MGA SAGOT:

- ✓
- ✓
- ✓
- ✓

9. Ano ang nakikita mong kaugnayan sa pagitan ng paggawa at pagpapaliwanag ng kaharian ng Diyos?

ANG IYONG MGA SAGOT:

- ✓
- ✓
- ✓

10. Ang buhay ni Hesus ay nagbibigay sa atin ng isang halimbawa kung ano ang

hitsura ng kaharian. Nagbibigay ito sa atin ng isang halimbawang dapat sundan sa paggawa at *pagpapaliwanag* ng kaharian sa mga nakapaligid sa atin.

Ano kaya ang hitsura ng pagsunod sa halimbawa ni Hesus ngayon?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

Isang Kwento mula sa India

11. Isaalang-alang natin ang isang halimbawa mula sa India.

Mga sampung taon na ang nakalilipas, binisita ko ang isang nayon habang nakikipagtulungan sa isang kilalang internasyonal na denominasyong ebanghelikal at kilusang misyon. Ang nayon ay mababa ang “caste” at nasa isang lubhang mahirap, pundamentalistang estadong Hindu.

Ang organisasyon ay nagpatakbo ng isang programa ng grupong pantulong sa sarili sa mga naturang nayon na pinangangasiwaan ng mga miyembro ng simbahan na may pangunahing pagsasanay sa pagtatatag ng mga grupong pantulong sa sarili ng kababaihan. Kilala sila bilang mga field organizer (FO). Ang layunin ng mga grupong ito ay magtatag ng isang sistema ng micro- saving at micro-lending, magbigay ng istruktura para sa pagsasanay sa mga kasanayan sa kabuhayan, at itaguyod ang kolektibong aksyon upang matugunan ang mga isyung panlipunan, pang-ekonomiya, espirituwal, at pangkapaligiran na maaaring kinakaharap ng kanilang komunidad.

Sa isang partikular na nayon, mahusay ang pag-unlad ng FO sa isang bagong-lakas na grupo na humarap sa mga hindi makatarungang may-ari ng lupa na gustong magbenta ng produktibong lupa sa nayon sa isang may-ari ng plantasyon. Hindi lamang nito aalisin ang kinakailangang lupang sakahan mula sa mga taganayon kundi malamang na lilikha rin ng mga isyu sa kapaligiran tulad ng irigasyon mula sa kakaunting yamang tubig sa lupa, pag-aalis ng kemikal, at pagguho ng lupa. Tinangka ng mga may-ari ng lupa na hatiin ang mga taganayon sa lipunan sa pamamagitan ng isang hindi patas na sistema ng kabayaran.

Matagumpay na nakapag-iipon at nakapagpapautang ang grupong tumutulong sa sarili; maraming kababaihan ang nagsimula ng maliliit na negosyo o tumulong sa kanilang mga asawa. Tinulungan ng FO ang mga kababaihan na magsimula ng isang micro-saving fund upang makatulong sa pamamahala ng walang humpay na pag-usad ng mga araw ng kapistahan. Nabuo ang isang malalim na koneksyon sa grupong ito ng mga kababaihan.

Matagumpay na nakapag-iipon at nakapagpapautang ang grupong tumutulong sa sarili; maraming kababaihan ang nagsimula ng maliliit na negosyo o tumulong sa kanilang mga asawa. Tinulungan ng FO ang mga kababaihan na magsimula ng isang micro-saving fund upang makatulong sa pamamahala ng walang humpay na pag-usad ng mga araw ng kapistahan. Nabuo ang isang malalim na koneksyon sa grupong ito ng mga kababaihan.

Isang araw, tinanong ng mga kababaihan sa grupo ang FO kung siya ay kasal. Sumagot siya na oo, at tinanong nila kung bakit hindi siya pinalamutian ng mga alahas ng isang tradisyonal na asawang Hindu. Ipinaliwanag niya na, bilang isang tagasunod ni Hesus, hindi siya obligado. Ito ay pumukaw ng malaking interes. Nagtanong pa ang mga kababaihan tungkol sa kanyang pananampalataya at kung mayroong Banal na Aklat na maaari nilang makita.

Sa sumunod na pagdalaw, dinala niya ang kanyang Bibliya at, dahil hindi marunong bumasa at sumulat ang mga babae, binasa niya ito sa kanila. Kalaunan, dalawa sa mga babae ang nag-alay ng kanilang buhay kay Hesus. Sa paniniwalang Hindu sa lugar na iyon, ang mga babaeng sumunod kay Hesus ay hindi na itinuturing na 'kanilang' mga tao at, bagama't bahagi pa rin ng grupo, naharap sila sa pag-uusig mula sa mga kapitbahay.

Isang araw, nagkasakit nang malubha ang anak ng isang mananampalataya. Sinabi ng mga doktor na mamamatay ang bata kung walang pagsasalin ng dugo. Dahil sa kanilang katayuan labas sa pananampalatayang Hindu, wala sa kanilang mga kapitbahay ang naglakas-loob na mag-donate ng dugo. Tinawagan nila ang FO; nag-donate siya at nanalangin din para sa paggaling. Ang bata ay nagkaroon ng isang mahimalang paggaling.

Ang kombinasyon ng mahimalang pagpapagaling at ang pagmamahal ng FO ay nagtulak sa marami pang tao sa komunidad na lumapit kay Hesus at ngayon ay mayroong isang VCJF (Vibrant community of Jesus Followers) sa komunidad na iyon.

12. Ano ang ilang partikular na paraan kung paano natin nakikita ang paggawa at pagpapaliwanag ng kaharian ng Diyos sa kuwentong ito?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓
✓
✓

13. Nakikita natin ang kaharian ng Diyos na kumikilos sa mga natural at supernatural na pamunuan ng mga may-ari ng lupa, sa sakit ng bata at sa mga turo at paniniwalang Hindu na bumitag sa kanila. Ang kaharian ay minarkahan ng pagpapagaling, pagpapalaya at iba pang mga tanda at kababalaghan pati na rin ng mga nabagong buhay at pang- araw-araw na pangangalaga ng Diyos. Sa mga ebanghelyo (Gospels) at Mga Gawa (Acts), makikita natin na isinagawa ito ng mga disipulo, gayundin ng hindi mabilang na mga Kristiyano sa buong panahon. Inaasahan ba natin na kikilos ang Diyos nang ganito? Kung hindi, malamang na hindi natin ito hinahanap o ipinagdarasal at sa gayon ay lalong hindi natin mararanasan ang mga aspetong ito ng kaharian ng Diyos.

14. Ang panganib ng pagbabasa ng isang maikling kuwentong tulad nito ay parang mabilis itong pakinggan, ngunit sa katotohanan, ang kuwentong ito ay naganap sa loob ng dalawa o tatlong taon. Habang hinahangad nating makita ang pagtatatag ng kaharian ng Diyos sa ating mga komunidad, kadalasan ay walang mabilis na solusyon. Ang pagbabago ay nangangailangan ng oras! Mahalagang tandaan iyan upang hindi tayo panghinaan ng loob.

Isabuhay (15-20 minuto)

15. Ang Unang Prinsipyo ay 'Ang Pag-Unawa Sa Kaharian Ng Diyos Ay Pundamental'.

A. Bilang isang pangkat, paano mahuhubog ng lumalawak na pag-unawa sa kaharian ng Diyos ang paraan ng ating pakikipag-ugnayan sa komunidad?

B. Ano ang isang sitwasyon kung saan matagal mo nang inaasam na makita ang pagdating ng kaharian ng Diyos na may kapangyarihang magbago?

16. Ano ang naging makabuluhan para sa iyo mula sa talakayan ngayon? Bakit?

17. Maglaan lamang ng ilang minuto ngayong linggo upang sagutin ang tanong tungkol sa personal na pagninilay sa ibaba. Magkakaroon ka ng pagkakataong ibahagi ang iyong isinulat sa susunod na linggo.

Para Sa Pansariling Pagninilay:

Ang mga *Kingdom theologians* at *development thinkers* ay nagsasalita tungkol sa "Shalom" o Kapayapaan Ng Diyos. Ito ay isang termino na nagpapahiwatig ng relasyon na tama, kagalingan at panunumbalik sa maraming antas. Sabi ni Bryant Meyers:

Ang layunin ng Diyos ay ibalik tayo at ang Kanyang nilikha sa ating orihinal na pagkakakilanlan at layunin, bilang mga batang sumasalamín sa wangis ng Diyos, at sa ating orihinal na bokasyon bilang mga produktibong katiwala, na namumuhay

nang magkakasama sa makatarungan at mapayapang mga ugnayan. Ang mga layunin ng pagbabago... ay ang mga layunin para sa kapwa komunidad at sa tagapagpadaloy ng pag-unlad. (Walking With The Poor Paglalakad kasama ang mga Mahihirap, Orbis, 2011 pahina 330)

Sa anong mga paraan ang (shalom) kapayapaan ng paggaling, pagbabago, at ang pambihiranng tagumpay ay darating sa sarili kong buhay?

Para Sa Karagdagang Pag-Aaral...

Unang Kabanata, *Hindi Nahahating Saksi: Mga Tagasunod Ni Hesus, Pag-Unlad Ng Komunidad, At Mga Komunidad Na Hindi Gaanong Naaabot* (Regnum 2020)



Ikalawang Prinsipyo: Pag-Unawa Kung Paano Pumapasok Ang Mga Tao Sa Kaharian Ng Diyos Ang Humuhubog Sa Kung Paano Tayo Nagmiministeryo

Mga Layunin para sa Talakayang Ito:

1. Mas mauunawaan ng ating pangkat na habang ang ilan ay maaaring magturo sa isang partikular na punto ng panahon kung kailan sila nagpasyang sumunod kay Hesus, para sa iba ito ay mas isang prosesong nangyayari sa paglipas ng panahon.
2. Makikilala ng ating pangkat na ang motibasyon na pumasok sa kaharian ay maaaring magkaiba para sa iba't ibang tao.
3. Magkakaroon ang ating pangkat ng panibagong pag-unawa sa kahalagahan ng pagbibigay sa mga tao ng kalayaan na tanggapin o tanggihan ang mabuting balita.

Pagrerepaso/Balik-Tanaw

1. Noong nakaraang linggo, tinalakay natin ang Unang Prinsipyo: *Ang Pag-Unawa Sa Kaharian Ng Diyos Ay Pundamental*. Ang personal na pagninilay ay ang sumagot sa: 'Sa anong mga paraan dumarating ang kapayapaan (shalom) ng paggaling, pagbabago, at ang pambihirang tagumpay sa aking sariling buhay?'
2. Maglaan tayo ng 3-4 na minuto para ibahagi kung paano natin sinagot ang tanong na iyan.

Paano Makakapasok Ang Mga Tao Sa Kaharian Ng Diyos (10-15 Minuto)

3. Ngayon ay tatalakayin natin ang Ikalawang Prinsipyo. Ang Listahan ng mga Prinsipyo ay ipapadala sa mga kalahok bilang isang hiwalay na dokumento.

Buod ng Ikalawang Prinsipyo: *Pag-Unawa Kung Paano Pumapasok Ang Mga Tao Sa Kaharian Ng Diyos Ang Humuhubog Sa Kung Paano Tayo Nagmiministeryo*.

4. Paano makakapasok ang mga tao sa kaharian ng Diyos? Kapag tiningnan natin ang Bagong Tipan, makikita natin na walang simpleng sagot. Ang mga tao ay pumasok sa kaharian sa iba't ibang paraan.

A. Kunin natin si Pablo. Halimbawa: Paano sumampalataya si Pablo kay Hesus?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

B. Ang ilang mga tao, tulad ni Pablo, ay maaaring magturo pabalik sa isang malinaw na punto kung kailan nila natanggap ang kaloob na buhay na walang hanggan.

C. Paano naman si Pedro? Ano ang hitsura ng kaniyang paglalakbay tungo sa pananampalataya kay Hesus?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

D. Kapag inisip natin si Pedro, mas mahirap matukoy ang isang partikular na punto o pangyayari kung kailan, masasabi nating, mayroon siyang nakapagliligtas na pananampalataya kay Hesus. Totoo ito para sa maraming tao; ang kanilang paglalakbay ay isang proseso ng unti-unting mga hakbang ng pagbabago.

5. Kumusta ka naman? Inilalarawan mo ba ang iyong paglalakbay tungo sa pananampalataya bilang isang pangyayari, o ito ba ay isang proseso sa loob ng isang yugto ng panahon?

6. Ang punto ay walang iisang takdang panahon para sa lahat ng papasok sa kaharian sa Langit. Magkakaiba ang tiyempo ng ating mga paglalakbay.

Motibasyon - Ano Ang Nagtutulak Sa Atin Na Pumasok Sa Kaharian? (10-15 Minuto)

7. Sa katulad na paraan, ang ating motibasyon sa pagsampalataya ay malamang na magkakaiba rin.

8. Isipin ang iyong sariling paglalakbay sa pananampalataya. Ano ang nakaakit sa iyo sa ebanghelyo? Ano ang mabuti sa Mabuting Balita para sa iyo?

9. Sa Banal na Kasulatan, makikita natin na ang mga tao ay lumapit kay Hesus para sa iba't ibang dahilan. Isipin ang mga halimbawa mula sa mga ebanghelyo. Ano ang ilan sa mga dahilan kung bakit ang mga tao ay lumapit kay Hesus?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓

✓

✓

10. Maraming tao ang lumapit kay Hesus dahil mayroon silang mga agarang pangangailangan na Siya lamang ang makakatugon. Tinugunan Niya ang kanilang mga pangangailangan nang walang anumang kundisyon. Masasabi nating binigyan Niya ang mga tao ng kalayaang tanggapin o tanggihan ang mabuting balita, at oras upang magdesisyon.

Kalayaan Na Tanggapin O Tanggihan Ang Mabuting Balita (5-10 Minuto)

11. Iniisip ko kung lagi ba nating kinikilala ang kahalagahan ng pagbibigay sa mga tao ng kalayaang tanggapin o tanggihan ang mabuting balita. Ang kuwentong ito ay kinuha mula sa mga pahina 38-39 ng aklat, (*Undivided Witness*)

Ilang taon na ang nakalipas si Jawara (binago ang pangalan) ay nagsimulang bumisita sa simbahan ni David sa Switzerland. Si Jawara ay isang Muslim na refugee na bagong dating mula sa West Africa. Maraming tao sa simbahan ang malugod siyang tinanggap, nag-aalok ng mga regalo tulad ng mga damit na nakatulong upang makapag-adjust siya sa panahon ng taglamig. Sa loob lamang ng ilang linggo, sinabi ni Jawara sa isang miyembro ng simbahan na siya ay nagtiwala kay Hesus at balak niyang magpabinyag.

At pagkatapos, bigla na lamang nawala si Jawara. Tumigil na siya sa pagsisimba. Hindi siya sumasagot sa mga tawag sa kanya at iniwasan ang pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng simbahan. Kalaunan ay nalaman ni David na si Jawara ay nasanay na sa mga pangunahing kaginhawahan ng buhay bilang isang asylum-seeker na pinagkalooban ng refugee status ng gobyerno ng Switzerland.

Maraming tao sa simbahan ang nagtaka kung niloloko ba ni Jawara ang sistema. Nagkunwari ba siyang espirituwal na nilalang para samantalain ang kanilang pagkabukas-palad? Marahil, ngunit mas gusto ni David ang mas mapagbigay na paliwanag.

Tulad ng maraming refugee sa Switzerland, ang gobyerno ay naglaan ng mga pangunahing pangangailangan sa buhay para sa mga refugees. Ngunit pakiramdam niya ay nawawala pa rin siya sa bagong bansang ito. Siya ay nalilito, nalulungkot, at madalas na nilalamig. Malugod siyang tinanggap ng mga tao mula sa simbahan at tinulungan siyang mabawasan ang kanyang kalungkutan. Binigyan nila siya ng mga bagay na kailangan niya at ramdam niya ang kaniyang utang na loob sa kanila. Nang may humamon sa kanya na sumunod kay Hesus, wala na siyang magagawa kundi sumama?

Ang mga tao sa simbahan ay may pera, kapangyarihan, at kalamangan; ang pagsasabi ng 'hindi' sa kanila ay magdudulot sa mga refugees ng kahihyan. Kaya sinabi ni Jawara na susunod siya kay Hesus. Hindi naman talaga nasa isip niya ang desisyon, at alam niyang madidismaya ang mga bagong kaibigan niya dahil hindi tapat ang kanyang pananampalataya. Ang tanging lunas niya ay ang tuluyang iwasan ang simbahan.

A. Sa iyong palagay gaano kalaya ang nararamdaman ni Jawara na tanggapin o tanggihan ang mabuting balita?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

B. Bakit sa tingin mo mahalaga na magkaroon ang mga tao ng kalayaang tanggapin o tanggihan ang mabuting balita?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

Isabuhay (10-15 minuto)


12. Sa iyong palagay, paano mahuhubog ang ating gawain ng isang matiwasay na pang-unawa ukol sa pagiging kabahagi ng kaharian ng Diyos?

13. Maglaan lamang ng ilang minuto ngayong linggo upang sagutin ang tanong sa ibaba tungkol sa pansariling pagninilay- nilay. Magkakaroon ka ng pagkakataong ibahagi ang iyong isinulat sa susunod na linggo.

Para Sa Pansariling Pagninilay:

Habang patungo ka sa pagsampalataya kay Hesu Kristo, ano ang sinabi o ginawa ng ibang tao na nakatulong sa iyo? Ano ang ginawa nila na nagdulot ng mga hadlang, o marahil ay naging dahilan upang hindi mo maunawaan ang mabuting balita?

Kumusta naman ang mga taong nais ninyong makilala si Hesus kasama ang inyong pangkat? Anong mga kaisipan mula sa talakayang ito ang makakaapekto sa kung paano ninyo sila lalapitan sa hinaharap?



Para Sa Karagdagang Pag-Aaral...

Ikalawang Kabanata, *Undivided Witness*



Ikatlong Prinsipyo: Ang Mabuting Balita Ay May Epekto Sa Buong Pagkatao At Sa Ating Ginagalawang Katayuan (Context)

Mga Layunin para sa Talakayang Ito:

1. Mas mauunawaan ng ating pangkat ang puso ng Diyos para sa buong pagkatao at sa buong konteksto ng mga tao.
2. Mas mauunawaan ng ating pangkat kung paano tinutugunan ng mahalagang misyon ang buong pagkatao at ang konteksto ng mga tao.

Pagrerepaso/Balik-Tanaw

1. Noong nakaraang linggo, tiningnan natin ang Ikalawang Prinsipyo: Ang Pag-Unawa Kung Paano Pumapasok Ang Mga Tao Sa Kaharian Ng Diyos Ang Humuhubog Sa Kung Paano Natin Ginagawa Ang Ministeryo.

Ang pansariling pagninilay ay isaalang-alang ang:

Habang sumasampalataya ka kay Hesukristo, ano ang sinabi o ginawa ng ibang tao na nakatulong sa iyo? Ano ang ginawa nila na nagdulot ng mga hadlang, o marahil ay naging dahilan upang hindi mo maunawaan ang mabuting balita?

Kumusta naman ang mga taong nais ninyong makilala si Hesus kasama ang inyong pangkat? Anong mga kaisipan mula sa talakayang ito ang makakaapekto sa kung paano ninyo sila lalapitan sa hinaharap?

2. Maglaan tayo ng 3-4 na minuto para ibahagi kung paano natin sinagot ang tanong na iyan.

Buong Pagkatao

3. Ngayon ay titingnan natin ang Ikatlong Prinsipyo.

Buod ng Ikatlong Prinsipyo: *"Ang mabuting balita ay may epekto sa buong pagkatao at sa ating ginagalawang katayuan (Context)"*

4. Ang pinakasentro ng prinsipyong ito ay mahal tayo ng Diyos bilang kanyang nilikha; nilikha niya ang bawat isa sa atin bilang isang BUONG nilalang.

5. Paano mo bibigyang-kahulugan ang 'buong pagkatao'?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

Nilikha tayo ng Diyos na may katawan at kaluluwa. Kapag pinag-uusapan natin ang buong pagkatao, tinutukoy natin ang katotohanan na ang bawat tao ay binubuo ng higit sa isang elemento. Nagmamalasakit ang Diyos sa ating katawan at kaluluwa.

6. Saan sa Banal na Kasulatan makakakita ka ng mga tiyak na halimbawa na inaalagaan ng Diyos ang katawan, ang pisikal na bahagi ng ating pagkatao? Subukang mag-isip ng mga halimbawa mula sa Luma at Bagong Tipan.

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

7. Saan natin makikita sa Kasulatan na inaalagaan ng Diyos ang kaluluwa, ang espirituwal na bahagi ng ating pagkatao?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

8. Kapag sinasabi nating 'Ang ebanghelyo ay nakakaapekto sa buong pagkatao...' ito ay dahil nagmamalasakit ang Diyos sa buong pagkatao.

Buong Konteksto/Ginagalawang Katayuan

9. Isinasaad sa Ikatlong Prinsipyo na 'Ang Magandang Balita Ay Nakakaapekto Sa Buong Tao At Sa Buong Konteksto o Gingalawang Katayuan'. Kapag sinabi nating 'konteksto', hindi lamang natin tinutukoy ang mga lugar at lokasyon kundi pati na rin ang mga isyung panlipunan na umiiral sa komunidad kung saan nakatira ang tao. Halimbawa:

- Epidemya Ng HIV/AIDS
- Mataas Na Antas Ng Krimen
- Kahirapan
- Mga Pamilyang May Kapansanan (Magugulong Pamilya)
- Pagkalakal Ng Tao (Human Trafficking)

10. Bakit sa tingin mo mahalaga na ang ebanghelyo ay makaapekto sa buong konteksto ng isang tao?

- Kapag ang ebanghelyo ay may epekto sa buong konteksto, maaari nitong buksan ang pinto para mapagtanto ng mga tao na nagmamalasakit ang Diyos.
- Kapag ang ebanghelyo ay nakakaapekto sa konteksto ng tao, ang 'kaharian ng Diyos ay dumarating' at ang 'kaniyang kalooban ay nasusunod'

Ano pa ang ibang mga dahilan?

✓
✓
✓

11. Si Rupen Das, isang teologo na taga-Canada at bihasang manggagawa sa pagpapaunlad ng komunidad ay nagsabi:

“Ang nakakaakit sa karamihan ng mga mahihirap ay ang isang Diyos na tumutugon, nakakaunawa sa kanilang pagdurusa at sumasa kanila—isang Diyos na kinikilala ang Kanyang sarili bilang (Emmanuel) Ang Diyos Kasama Natin.”

12. Si Hesu Kristo ang Panginoon ng buong buhay at sangnilikha, at tayo, na kaniyang mga tinubos, ay kaniyang mga saksi.

Misyong Mahalaga Sa Pangkalahatan o Integral na Misyon

13. Ito ang nagdadala sa atin sa ideya ng Misyong Integral. Paano mo bibigyang-kahulugan ang salitang 'integral'?

ANG IYONG SAGOT:

14. Kaya kapag pinag-uusapan natin ang Integral na Misyon, pinag-uusapan natin ang ministeryo na tumutugon sa buong tao at sa buong konteksto ng mga tao.

Ayon Ecuadorian theologian na si Rene Padilla, 'ang pagsasagawa ng integtal na misyon misyon ay nagsimula pa kay Hesus mismo at sa simbahan noong unang siglo.'

Kinilala ni Hesus ang pisikal na mga pangangailangan ng mga tao at tinugunan niya ang mga iyon. Naunawaan din niya na ang pisikal na pagpapagaling ay hindi makakatugon sa malalalim na espirituwal na pangangailangan ng mga tao.

15. Tingnan natin kung ano ang maaaring mangyari kung hindi natin kikilalanin ang kahalagahan ng parehong pisikal at espirituwal.

A. Ano ang mga panganib ng isang ministryo na nakatuon lamang sa espirituwal at binabalewala ang pisikal na pangangailangan ng mga tao?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

B. Anong mga problema ang maaaring lumitaw kung tututukan lamang natin ang pagtugon sa mga pisikal na pangangailangan ng mga tao, ngunit hindi kailanman mangangaral o magtuturo?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

Isabuhay

16. Kumusta ang ating pagganap bilang isang pangkat? Sa anong mga paraan nakakaapekto ang ating ministryo sa buong pagkatao at sa buong konteksto ng mga taong ating pinaglingkuran?

17. Ano ang maaari nating gawin nang naiiba upang mas masundan ang halimbawa ni Hesus sa Integral na Misyon?

Para Sa Pansariling Pagninilay:

Ano ang ibig sabihin para sa akin, nang personal, na nagmamalasakit ang Diyos sa aking 'buong' pagkatao?

Ang kabuuan ng 'kung sino ako' ay naipapahayag sa komunidad. Paano naipapahayag ang 'kung sino ako' sa komunidad? (Koponan, lokal na komunidad, atbp.)

Para Sa Karagdagang Pag-Aaral...

Ikatlong Kabanata, Hindi Nahahating Saksi



Ika-Apat Na Prinsipyo : Isang Malawak Na Pananaw Sa Pagluwalhati Kay Kristo

Mga Layunin para sa Talakayang Ito:

1. Mas mauunawaan ng ating pangkat ang kahulugan ng pagluwalhati kay Kristo.
2. Isasaalang-alang natin ang mga paraan kung paano natin niluluwalhati ang Diyos habang nakikibahagi at naglilingkod tayo sa mga komunidad na hindi gaanong naaabot ang tulong, at sisimulan nating ilapat ang ating mga natututuhan sa ating ministryo.

Pagrerepaso/Balik-Tanaw

1. Noong nakaraang linggo, tiningnan natin ang Ikatlong Prinsipyo: Ang Mabuting Balita ay may epekto sa buong pagkatao at buong ginagalawang katayuan.

Ang personal na pagninilay ay isaalang-alang ang:

Ano ang ibig sabihin para sa akin, nang personal, na nagmamalasakit ang Diyos sa aking "buong" pagkatao?

Ang kabuuan ng "kung sino ako" ay naipapahayag sa komunidad. Paano naipapahayag ang "kung sino ako" sa komunidad? (Koponan, lokal na komunidad, atbp.)

2. Maglaan tayo ng 3-4 na minuto para ibahagi kung paano natin sinagot ang tanong na iyan.

Panimula

3. Sa linggong ito ay titingnan natin ang Ika-Apat na Prinsipyo.

Buod ng Ika-Apat na Prinsipyo: *Malawak ang aming pananaw sa pagluwalhati kay Kristo habang ang sambayan ay nanampalataya at ang mga komunidad ay malakas na naaapektuhan ng Kanyang kaharian.*

4. Ang 'Luwalhatiin' (Glorify) ay isang salitang madalas nating marinig sa mga Kristiyanong lupon. Ngunit ano ang ibig sabihin ng luwalhatiin ang isang tao? Alamin natin.

Isipin ang salita kung paano ito ginamit sa Bibliya. Kung kaya mo, maglaan ng ilang sandali upang hanapin ang salitang 'luwalhatiin' at ang kahulugan nito sa iyong telepono o computer o sa isang diksyunaryo kung mayroon ka nito malapit sa iyo.

5. Ano ang iyong natuklasan?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

6. Anong mga pananaw ang ibinibigay sa iyo ng mga kahulugang ito? Ano ang kahulugan para sa iyo, ng “Pagluwalhati sa Diyos”?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓
✓

Pagsunod Sa Halimbawa Ni Hesus

7. Niluwalhati ni Hesus ang Diyos, hindi lamang sa pamamagitan ng mga bagay na kanyang ginawa at sinabi, kundi pati na rin sa kung sino siya. Ang kanyang sarili at pagkatao ay niluwalhati ang Diyos habang siya ay nakikipag-ugnayan nang may pagmamahal sa mga tao at sa mga pakikipagkaibigang kanyang nabuo.

8. Iwasan natin ang pag-iisip tungkol sa mga bagay na ating 'ginagawa' na nagdudulot ng kaluwalhatian sa Diyos at isipin natin ang bahagi ng ating 'pagiging' buhay: ang ating katayuan, ang ating puso, ang ating pagkatao, at ang ating saloobin. Halimbawa, si Hesus ay naging napakatiyaga sa kanyang mga disipulo. Niluwalhati nito ang Diyos dahil kinakatawan nito ang Kanyang pagkatao (character) sa tunay na paraan.

9. Ano ang ilan pang mga saloobin o katangian ng pagkatao na maaaring mayroon tayong, o naisin nating taglayin, na kumakatawan sa puso ng Diyos?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

10. Isipin kung paano tumugon si Hesus sa mga taong nangangailangan. Ano ang sinasabi sa atin ng ebanghelyo na nag-udyok sa kanya?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

11. Isipin ang mga paraan kung paano ka, ang iyong pangkat, at ang iyong simbahan tumutugon sa mga taong nangangailangan.

A. Ano ang ilan sa mga paraan ng kanilang pagtugon?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

B. Ano sa palagay mo ang iyong mga motibo? Ibig sabihin, ano ang inaasahan mong mangyari bilang resulta?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

C. Patuloy ka bang tutugon sa mga taong nangangailangan sa ganitong mga paraan kahit alam mong kakaunti, kung mayroon man, ang magiging mga tagasunod ni Hesus? Bakit, o bakit hindi? Isipin ang iyong mga nagawa noon pati na rin kung sino ang pinakain, pinagaling, at tinulungan ni Hesus.

D. Paano nakakatulong ang mga motibong ito upang luwalhatiin ang Diyos? Paano nila ginagawa ang kabaligtaran?

Konklusyon

12. Isipin natin si Hesus.

"Ang Anak ay siyang larawan ng Diyos na di-nakikita, ang panganay sa lahat ng nilikha." Colosas 1:15

13. Naparito si Hesus upang kumatawan sa Diyos, upang tulungan ang mga tao na makita ang tunay na larawan kung sino Siya. Ngayon, tayo ang kumakatawan sa Kanya, isinasalamin natin ang kaluwalhatian ng Diyos sa mga nakapaligid sa atin. Habang tayo ay binabago, isinasalamin natin si Hesus. Hindi natin ito ginagawa sa ating sariling lakas, tulad ng buwan na hindi kumikinang, sinasalamin nito ang araw. Sa parehong paraan, isinasalamin natin si Kristo habang ang kanyang liwanag ay sumisikat sa atin.

"At tayong lahat, na may mga mukha na walang talukbong, ay nagpapakita ng kaluwalhatian ng Panginoon, ay nababago upang maging katulad niya na may kaluwalhatian lalong lumalago, na nagmumula sa Panginoon, na siyang Espiritu. (2 Corinto 3:18)"

14. Ano ang naging makabuluhan para sa iyo sa talakayang ito?

Para Sa Pansariling Pagninilay:

Paano nakikita ang katangian ng Diyos sa buhay ng mga taong kilala mo? Maaari mo bang hikayatin ang isa (o higit pa) sa pamamagitan ng pagbabahagi kung paano mo nakikita ang katangian ng Diyos na makikita sa kanilang buhay?

Paano nakikita ang kaluwalhatian ng Diyos sa pamamagitan ng aking pangkat? Tinutulungan ba natin ang ating komunidad at ang mga pinaglilingkuran natin na makita ang katangian ng Diyos?

Para Sa Karagdagang Pag-Aaral...

Ika-Apat ng Kabanata, *Undivided Witness*



Ika-Limang Prinsipyo: Panalangin, Espirituwal Na Pakikidigma At Pagbabago

Mga Layunin para sa Talakayang Ito:

1. Ang kakayahan ng ating pangkat na makilala ang espirituwal na pakikidigma ay lalago.
2. Magiging kumpiyansa ang ating koponan sa katotohanang wala kaming dapat ikatakot.
3. Tutukuyin ng ating pangkat ang mga partikular na kagamitang gagamitin namin bilang tugon sa espirituwal na pakikidigma.

Pagrerepaso/Balik-Tanaw

1. Noong nakaraang linggo ay tiningnan natin ang Ika-Apat na Prinsipyo: Isang malawak na pananaw sa pagluwalhati kay Kristo.

Ang personal na pagninilay ay isaalang-alang ang:

Paano nakikita ang katangian ng Diyos sa buhay ng mga taong kilala mo? Maaari mo bang hikayatin ang isa (o higit pa) sa pamamagitan ng pagbabahagi kung paano mo nakikita ang katangian ng Diyos na makikita sa kanilang buhay?

Paano nakikita ang kaluwalhatian ng Diyos sa pamamagitan ng aking pangkat? Tinutulungan ba natin ang ating komunidad at ang mga pinaglilingkuran natin na makita ang katangian ng Diyos?

2. Maglaan tayo ng 3-4 na minuto para ibahagi kung paano natin sinagot ang tanong na iyan.

Pagkilala Sa Espirituwal Na Pakikidigma

3. Sa linggong ito ay titingnan natin ang Ika-Limang Prinsipyo. (Tingnan din ang hiwalay na dokumento na may listahan ng Sampung Prinsipyo upang mabasa ang buong pahayag ng prinsipyong ito.)

Buod ng Ika-Limang Prinsipyo: *'Ang Panalangin At Espirituwal Na Pakikibaka Ay Mga Mahalagang Bahagi Ng Proseso Ng Pagbabago'*

4. Kapag iniisip natin ang tungkol sa 'pakikidigmang espirituwal', malamang na iba't ibang bagay ang pumapasok sa ating isip, lalo na kung tayo ay bahagi ng isang pandaigdigang pangkat. Magsimula tayo sa panalangin, humihingi ng karunungan at pag-unawa habang papasok tayo sa mahalagang talakayang ito.

Iba't Ibang Aspeto Ng Pakikidigmang Espirituwal

5. Ang espirituwal na pakikipagdigma at panalangin ay mahalagang bahagi ng pag-unlad ng komunidad. Ang ideya sa puso ng espirituwal na pakikipagdigma ay mayroon tayong kaaway na gustong ihiwalay tayo sa Diyos. Wala siyang pakialam kung paano niya ito ginagawa.

Ang may-akda ng ika-limang kabanata sa *Hindi Nahahating Saksi* ay sumulat:

Maaari nating isipin ang mga malubhang pinsala at aksidente bilang mga espirituwal na pag-atake. Marahil ay naiisip natin ang mga ritwal at sumpa ng demonyo. Mas madalang, naiisip natin ang pakikibaka laban sa mga tiwaling istruktura ng kapangyarihan at ang mapanghikayat na kapangyarihan ng panlilinlang na patuloy na dumudurog sa mga tao at pinapanatili silang malayo sa Diyos.

Ngayon ay tutuon tayo sa tatlong estratehiyang ginagamit ng kaaway: lantaran na pangkukulam, tiwaling mga istruktura ng kapangyarihan, at pang-araw-araw na buhay.

Depende sa laki ng ating grupo sa pag-aaral at sa pagiging maaasahan ng internet para sa online training, maaari tayong hatiin sa tatlong breakout group para dito. Kung hahatiin natin, ang bawat grupo ay magtutuon sa iba't ibang aspeto at mag-uulat pabalik sa buong grupo.

- A. Titingnan ng unang grupo ang lantarang pangkukulam, sa unang bahagi sa ibaba.
- B. Titingnan ng ikalawang grupo ang mga tiwaling istruktura ng kapangyarihan (sistematikong kasamaan), ang pangalawang seksyon ay nasa ibaba.
- C. Susuriin ng ikatlong pangkat ang mga isyu ng pang-araw-araw na buhay, ang ikatlong bahagi ay nasa ibaba.

Magkakaroon tayo ng 10 minuto sa ating mga breakout group. Dapat may isang tao sa bawat grupo na magtatala ng dalawa o tatlong mahahalagang kaalaman at maging handa na ibahagi ito sa iba pang miyembro ng grupo kapag nagsama-sama na tayo muli.

Siguraduhing pag-usapan kung paano naganap ang pagbabago sa bawat isa sa mga kuwentong ito.

Unang Grupo Ng Pagsisimula: Lantarang Pangkukulam

Basahin nang sama-sama ang sumusunod na kuwento:

Noong 2006, nang lumipat ang aming mga unang manggagawa sa hangganan ng Zambia sa baybayin ng Lake Tanganyika, narinig nila ang reputasyon ng rehiyon para sa espirituwal na kadiliman: ang mga sakripisyo ng dugo ng parehong tao at hayop ay nasa sentro ng mga ritwal na isinasagawa sa loob ng maraming henerasyon. Nang sumama ako

sa kanila noong 2008, napagtanto ko na ang karamihan sa trabaho ng pangkat, nang may kabatiran, ay upang bumuo ng isang espirituwal na pundasyon.

Nabigla kami sa kakulangan ng pagkain, damit, pangunahing pangangalagang pangkalusugan, at edukasyon sa mga komunidad na ito. Kalaunan, isinama sa aming pamamaraan ang kalusugan, edukasyon, at pagtuturo tungkol sa mahusay na paggamit ng mga likas na yaman. Ngunit malinaw na malinaw na ang pagbabagong transpormatibo ay kailangang mangyari muna sa loob ng kanilang espirituwal na kaibuturan. Sa isang nayon, isang Amerikano ang nagtayo ng paaralan at klinika. Ipinagtapat niya sa amin ang kanyang pagkadismaya na, sa kabila ng malaking pamumuhunan sa komunidad, ang mga mapanirang pag-uugali ng mga tao ay hindi nagbago.

Paano nagkakaroon ng pangmatagalang pagbabago? Nagsimula ang aming pangkat sa pangkalahatang katotohanan na ang perpektong pag-ibig ay nagtataboy ng takot (1 Juan 4:18). Dahil napagtanto namin na ang aming laban ay hindi laban sa laman at dugo (Efeso 6:12), at sa halip na magtuon sa mahahalagang aktibidad na pangkalusugan at kapakanan, inuna ng aming pangkat ang mga paglalakad sa panalangin at pagpapahayag ng Banal na Kasulatan. Tatlong araw sa isang linggo, naglalakad kami sa mga nayon gamit ang panalangin mula 6 hanggang 7 ng umaga, binabasa nang malakas ang mga talata sa Banal na Kasulatan. Ang tapat na disipinang ito ay isang nasasalat at pare-parehong kaibahan sa mga kaugaliang tipikal ng komunidad.

Napansin namin na ang aktibong presensya ng Banal na Espiritu ay lalong tumindi sa mga lugar na ito kung saan ang pananampalataya ng mga tao sa supernatural ay matibay na. Kailangan lamang nilang ilipat ang kanilang paniniwala mula sa pag-asang ang mga sumpa ay magpapakasakit o magpapagutom sa kanila tungo sa paniniwalang nais silang pagalingin ng Diyos na Lumikha. Marami ang gumaling at napalaya sa pamamagitan ng panalangin. Nagsimulang makita ng mga tao ang malinaw na pagpili sa pagitan ng pananampalataya sa Diyos at ng mga ritwal ng mangkukulam, tulad ng nangyari sa isang nayon kung saan ang asawa ng pinuno ay dating mangkukulam ngunit naging mananampalataya, isang pagpapakita ng 'kapangyarihang iniligtas' ni Hesus.

Sa nayong iyon, si Gloria*, ang asawa ng isang mangingisda sa nayon, ay pumunta kay Alfred*, isa sa aming pangkat, dahil sa maraming pagkalaglag. Sa bawat isa sa kanyang mga nakaraang pagbubuntis, nanaginip siya ng isang kutsilyo na umaatake sa kanya at mawawalan ng sanggol kinabukasan. Nang pumunta siya kay Alfred, ang babae ay buntis muli; nagmakaawa siya rito na ipagdasal ang isang malusog na sanggol. Isang araw pagkatapos nito, pumunta si Gloria kay Alfred na nababagabag dahil napanaginipan niya muli ang pag-atake ng kutsilyo. Ipinagdasal ni Alfred si Gloria, na kalaunan ay nanganak ng kanyang unang malusog na sanggol. Kalaunan, si Alfred(binago ang pangalan) mismo ay nagkaroon ng isang nakakagambalang panaginip ng isang kutsilyo na umaatake sa kanya, ngunit nagising siya, sinaway ang demonyo sa pangalan ni Hesus, tinawanan ang pagtatangka ng kaaway na takutin siya, at ipinagpatuloy ang kanyang pagtulog nang payapa.

Mga Tanong Sa Talakayan

A. Saan ka makakakita ng ebidensya ng tahasang uri ng pakikidigmang espirituwal na ginagamit sa kuwentong ito?

B. Paano pumasok ang mga miyembro ng pangkat na ganap na nakasalot (shielded) ng baluti ng Diyos?

C. Paano ipinakita ng presensya ng pangkat sa komunidad ang kaharian ng Diyos?

D. Anong uri ng pagbabago ang naganap?

Pangalawang Grupo: Mga Tiwaling Istruktura Ng Kapangyarihan

Kapag pinag-uusapan natin ang sistematikong kasamaan, tinutukoy natin ang mga bagay tulad ng:

- Mga tao at kapangyarihan na nagbibigay-daan sa human trafficking.
- Mga batas at makapangyarihan ng tao na nagkukulong sa iba sa kahirapan at mababang sahod na trabaho.
- Mga kompanyang konektado sa mga pulitiko at opisyal ng gobyerno upang maiwasan nila ang mga regulasyon sa polusyon.
- Mga opisyal ng pulisya, customs, at imigrasyon na nagpapataw ng multa o hindi gagawin ang dapat nilang gawin maliban kung binayaran ng suhol.

Basahin nang sama-sama ang sumusunod na kuwento:

Si Hope ay dinala sa Greece mula sa kanyang bansa noong siya ay napakabata pa at napilitang pumasok sa industriya ng pakikipagtalik (sex trade). Matapos makilala si Rosie*

at ang kanyang koponan, at makausap ito, nakumbinsi si Hope na ito ay isang maling paraan ng pamumuhay at nais niyang iwanan ito. Gayunpaman, hindi ito ganoon kadali.

Dumating si Hope sa Greece nang walang opisyal na mga dokumentong pagkakakilanlan, kaya lahat ng trabahong natagpuan niya ay ilegal at mababa ang suweldo. Nauwi si Hope sa pagtatrabaho sa mga hotel at kusina tuwing panahon ng turista na may mababang sahod, sinusubukang iwasan ang mga amo na nag-aakalang may karapatan sila sa iba pang 'serbisyo' mula sa kanilang magandang babaeng naghuhugas ng pinggan.

Bagama't nagpursigi si Hope at nakakuha ng trabaho sa labas ng hanapbuhay ng pakikipagtalik, ito ay tumatak sa kanyang sikolohikal na aspeto. Kahit ngayon, makalipas ang ilang taon, nahihirapan pa rin si Hope na magtiwala sa kahit sino, at mas gusto niya ang mga trabaho kung saan hindi niya kailangang maging bahagi ng isang grupo. Inaasahan niyang tratuhin siya nang masama. Napag-usapan na ni Rosie at ng kanyang koponan ang tungkol sa pagpapatawad, ngunit hindi niya ito maunawaan para sa kanya, sa kanyang sariling buhay. Bagama't naniniwala si Hope sa Diyos, hindi pa niya personal na nararanasan ang biyaya para sa kanyang sarili at nauunawaan kung ano ang maaaring kahulugan nito para sa kanya.

"Ang Diyos ay naging realidad na sa buhay ni Hope," sabi ni Rosie. "Ngunit marami pang mga kababaihan ang nagtatrabaho pa rin sa mga bahay-aliwan at sa mga lansangan ng Greece. Mayroon silang parehong karapatang makilala at matutong magtiwala sa Diyos na nagliligtas at nagpoprotekta para sa kanilang sarili, at matutong pahalagahan ang kanilang sarili bilang mahalaga, isang bagay na nagsisimulang mangyari habang ang pangarap ni Rosie ay nagiging realidad ang nakapagtatag ng isang NGO – non-profit making company, na nagbibigay ng isang malusog na alternatibo sa pagtatrabaho para sa mga kababaihang nasa panganib sa Greece.

*Binago ang pangalan ni Hope upang igalang ang kanyang privacy. Ang kwento ay kinuha mula sa 'Hope for Hope in Greece', mula sa OM Communications.

Mga Tanong sa Talakayan

A. Saan ka makakakita ng ebidensya ng isang tiwaling sistema ng kapangyarihan sa kuwentong ito?

B. Sa anong mga paraan nilabanan ng pangkat ang tiwaling sistema ng kapangyarihan? Paano sila nakibahagi sa espirituwal na pakikidigma na higit pa sa panalangin, pag-aayuno o pagsamba?

C. Paano ipinakita ng presensya ng mananampalataya sa komunidad ang kaharian ng Diyos?

D. Anong uri ng pagbabago ang naganap?

Pangatlong Grupo: Pang-Araw-Araw Na Buhay

Basahin nang sama-sama ang mga sumusunod na kuwento:

Ang Kwento ni Johanna, mula sa Ika-limang kabanata sa *Hindi Nahahating Saksi*:

Ang espirituwal na oposisyon ay maaaring dumating sa karaniwang gawain ng pang-araw-araw na buhay. Isang kasamahan sa Asya ang sumulat: Pakiramdam namin ay dumarating ang espirituwal na oposisyon nang sunod-sunod, at kadalasan sa mga paraang hindi namin inaasahan. Wala kaming naranasang oposisyon mula sa mga relihiyosong establisyimento o lokal na pamahalaan, na talagang tinatanggap ang aming gawain dahil nakikita nila ang mga nasasalat na benepisyo para sa mga bata at pamilyang aming katrabaho. Ngunit natutuklasan kong dumarating ito sa mga banayad na paraan sa aming pangkat sa pagpapaunlad ng komunidad, sa pamamagitan ng panghihina ng loob, hindi pagkakaunawaan at alitan, sakit, mga isyu sa visa, at iba pang mga pagkabigo, na sa palagay ko ay nais dumating sa amin "mula sa loob"

Ang Kwento ni Rebecca

Nakaupo si Rebecca sa harap ng kanyang computer, sinusubukang magpokus sa paghahanda ng mga workshop na pangungunahan niya at ng isang team sa susunod na linggo sa Africa. Malapit na siyang maglakbay papunta sa kaganapan, ngunit sa loob ng ilang araw, sari-saring mga pang-abala ang patuloy na lumilitaw. Palala nang palala ang kanyang pagkadismaya at pagkairita habang pinipigilan siyang magpokus sa paghahanda. Tumayo siya mula sa kanyang computer at humakbang papunta sa pasilyong may karpeta. Habang ginagawa niya ito, nakarinig siya ng malakas na tunog ng naapakang tubig sa ilalim ng kanyang paa. Tumingin siya sa ibaba at nakitang may baha na ang pasilyo. Lumabas na umapaw ang kanyang septic tank, na nagdala ng maruming dumi sa kanyang banyo, pasilyo, at kwarto. Sa sandaling iyon kanyang napagtanto na ang lahat ng mga

pang-abala at pagkabigo noong mga nakaraang araw ay hindi lamang mga basta-bastang bagay. 'Siguro may plano ang Diyos na gumawa ng isang malaking bagay sa pagsasanay na ito kaya't ang kaaway ay nagsisikap na gambalain ako!' Nang makilala niya ang estratehiya ng kaaway, nagbago ang kanyang pananaw. Sinimulan niyang hilahin ang basang karpeta nang may masayang puso at nagpatuloy sa paghahanda, kumbinsido na ang Diyos ay may mas malalaking plano kaysa kanyang iniisip.

Mga Tanong sa Talakayan

A. Mula sa mga kuwento sa itaas, ano ang ilang partikular na halimbawa ng espirituwal na oposisyon sa mga karaniwang pangyayari sa pang-araw-araw na buhay?

B. Nabanggit natin kanina na ginagamit ng kaaway ang espirituwal na pakikipagdigma upang ilayo tayo sa Diyos. Sa ating mga nailista na kanina paano tayo maaaring maihiwalay ng mga bagay na iyon mula sa Diyos at sa kanyang layunin para sa ating buhay?

C. Paano mo naranasan ang espirituwal na pakikidigma sa mga karaniwang pangyayari sa pang-araw-araw na buhay?

D. Anong uri ng pagbabago ang naganap?

Ulat Mula Sa Mga Grupo Ng Talakayan

6. Magbigay tayo ng tugon mula sa bawat grupo. Magbabahagi ang bawat grupo tungkol sa uri ng pakikibakang espirituwal na kanilang tinalakay at isa o dalawang mahahalagang punto mula sa talakayan, kabilang ang ebidensya ng pagbabagong naganap.

Walang Dapat Ikatakot

7. Ang pangalawang bagay na gusto nating pagtuunan ng pansin ay ang katotohanan na walang dapat ikatakot. Isinulat ni Holly Steward sa Udivided Witness:

"Sa aking karanasan sa Zambia, ang unang senyales ng isang komunidad na nakaalipin sa kaaway ay ang takot; sa ibang lugar ay maaari itong makita sa kawalan ng pag-asa, kasakiman, karahasan, o pagiging makasarili."


Sa konteksto ng ating pangkat, ano ang ilan sa mga palatandaan ng isang komunidad na nasa pagkaalipin ng kaaway?

Ano ang maaaring mga palatandaan ng pagbabago, na ang pagkaalipin ay napuputol na?

Nagpapatuloy si Holly Steward sa kanyang kabanata sa *Hindi Nahahating Saksi*:

"Marami sa mga miyembro ng aming pangkat ay mga taga-Zambia na may limitadong kasanayan at edukasyon. Sa isang nayon sa Lawa ng Tanganyika, natuklasan namin na ang pinuno—na siya ring mangkukulam—ay may nakikitang higit pa sa kanila. 'Ang Espiritu na sumasainyo ay mas makapangyarihan kaysa sa mga nasa amin,' sabi niya sa kanila. 'Hindi na gumagana ang aming mga pang-akit at ritwal ngayon na ang Espiritu na nasa inyo ay nasa aming nayon.'"

8. Sinasabi sa atin ng Kasulatan na 'ang perpektong pag-ibig ay nagpapalayas ng takot' (I Juan 4:18). Ano ang iyong tugon sa ideya ng perpektong pag-ibig na nagpapalayas ng takot, sa konteksto ng espirituwal na pakikidigma?



9. Sumulat din si Holly: 'Salamat kay Hesus, nasa panig tayo ng panalong panig sa labanang ito na napagtagumpayan na! Gaano man kamisteryoso o nakakabagabag ang mga espirituwal na pag-atake, tayo ay "higit pa sa mga mananagumpay" (Roma 8:37), hindi lamang protektado kundi epektibong mga mandirigma na dapat takasan ng kasamaan.'

Anu-Anong Mga Kasangkapan O Pamamaraan Ang Magagamit Natin?

10. Ang pagiging epektibo ay hindi lamang pagkilala sa espirituwal na pakikidigma at hindi pagkatakot. Binigyan tayo ng Diyos ng mga partikular na kagamitan na magagamit natin habang nakikibahagi tayo sa espirituwal na pakikidigma. Ang tatlong pangunahing gawain ay:

A. Pagpapahayag ng salita ng Diyos: Ang Kasulatan ay may malalim na epekto sa espirituwal na kapaligiran dahil ang salita ng Diyos ay makapangyarihan. Ito ay buhay at aktibo, mas matalas kaysa sa tabak na may dalawang talim (Heb. 4:12). Ano ang katotohanang ipapahayag ng ating pangkat? Paano natin ito gagawin?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

B. Pagsasaya: Saan sa Kasulatan itinuturing na bahagi ng espirituwal na pakikidigma ang pagsasaya? Paano ito maaaring maging bahagi ng sinasadya ninyong gawin ng inyong pangkat?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

C. Pagsisisi: Paano maaaring maging bahagi ng paraan ng iyong pakikibahagi sa espirituwal na pakikidigma ang pagsisisi? (Tingnan ang Daniel 9:4-6.)

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

Konklusyon

11. Paano natin mapagbubuklod ang ating mga natutunan tungkol sa espirituwal na pakikidigma?

Walter Wink "In Naming The Powers" (sa *Pagpapangalan sa mga Kapangyarihan*) ay nagsabi na:

Dapat tayong magkaroon ng mas malalim na pagkasensitibo sa tinatawag ng mga sinaunang tao na 'digmaan sa langit.' ... Ang natatanging tawag ng simbahan sa

pagbabago ng lipunan ay nakasalalay sa paglilinaw ng dalawahang katangian ng ating gawain. Nakikipagbuno tayo sa dalawang antas, ang makalupa at ang makalangit.


Kung gusto nating makakita ng pagbabago, tunay na *masiglang* mga komunidad, at partikular na ang mga komunidad ng mga tagasunod ni Hesus, paano ito mangyayari?

Paano, at anong mga kagamitan (o pamamaraan o sandata) ang dapat nating gamitin sa espirituwal na pakikibaka upang maganap ang pagbabago?

"Ang Anak ay siyang larawan ng Diyos na di-nakikita, ang panganay sa lahat ng nilikha." Colosas 1:15

Para Sa Pansariling Pagninilay:

Ano ang naging mahalaga para sa iyo sa talakayan ngayon tungkol sa pakikidigmang espirituwal? Mas malalim ba ang pagninilay-nilay mo sa mga bagay na alam at naranasan mo na, o may natutunan ka bang bago? Sa tulong ng Diyos, paano mo maisasagawa ang mga ideyang ito?



Para Sa Karagdagang Pag-Aaral...

Kabanata Lima, *Undivided Witness*



Ika-Anim Na Prinsipyo: Pangangalaga Sa Nilikha Bilang Pagsamba, Saksi, At Pagsunod

Mga Layunin para sa Talakayang Ito:

1. Magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa ang ating pangkat sa kung ano ang ibig sabihin ng pangangalaga sa kalikasan at kung bakit ito mahalaga bilang isang gawa ng pagsamba at pagsunod at bilang isang patotoo sa mga nakapaligid sa atin.
2. Lisipin ng ating pangkat ang pangangalaga sa paglikha bilang isang halagang nagbibigay-inspirasyon kung sino tayo at kung paano tayo namumuhay, at hindi lamang bilang isang aktibidad o programang idinaragdag natin sa iba pang mga bagay.

Pagrerepaso/Balik-Tanaw

1. Noong nakaraang linggo ay tiningnan natin ang Ika-limang Prinsipyo: 'Ang panalangin at espirituwal na pakikidigma ay mahahalagang bahagi ng proseso ng pagbabago'
2. Ang personal na pagninilay-nilay ay ang pagsasaalang-alang sa mga nalalaman mo na at sa mga natutunan mo tungkol sa espirituwal na pakikidigma. Mayroon ka bang mga bagay na maaaring gusto mong isagawa, sa tulong ng Diyos?

Maglaan tayo ng 3-4 na minuto para ibahagi kung paano natin sinagot ang mga tanong na iyan.

Panimula

3. Sa linggong ito ay titingnan natin ang Ika-Anim na Prinsipyo. (Ang buong listahan ng mga prinsipyo ay naipadala na sa iyo dati sa isang hiwalay na dokumento.)

Buod ng Ika-Anim na Prinsipyo: *"Ang Pangangalaga Sa Nilikha Ay Isang Pagpapahayag Ng Pagsamba, Pagsaksi At Pagsunod"*.

4. Ano ang nakikita natin sa ating paligid at sa ating komunidad na nagpapakita ng mga kamangha-manghang bagay na inilagay sa ating Lumikha sa lugar kung saan tayo nakatira?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

5. Ano ang nakikita natin na nagpapakita ng pinsala sa mundong nilikha ng Diyos?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

6. Ano ang naiisip mo kapag naririnig mo ang mga salitang 'pangangalaga sa nilikha'?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

7. Sa anong mga paraan ang pangangalaga sa kalikasan ay isang anyo ng pagsamba sa Diyos??

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

8. Ano ang ipinahihiwatig nito sa mga nakapaligid sa atin, kapag ang mga Kristiyano ay tila walang pakialam sa pangangalaga sa mundo?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

9. Paano maging saksi ang pag-aalaga sa kalikasan sa mga taong nasa ating paligid?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

10. Sinasabi ng prinsipyong ito na ang pangangalaga sa sangnilikha ay isa ring gawa ng pagsunod. Saan sa Banal na Kasulatan tayo tinagubilinan na pangalagaan ang sangnilikha?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

Pagtingin Sa Banal Na Kasulatan

11. Ano ang sinasabi ng Banal na Kasulatan tungkol sa pangangalaga sa sangnilikha? Pakinggan natin ang isang maikling panayam kay Dr. Robert Sluka, isang marine biologist na nagtatrabaho sa A Rocha, isang pandaigdigang Kristiyanong ahensya na nakatuon sa pangangalaga sa sangnilikha. Si Bob at ang kanyang pamilya ay nanirahan nang ilang taon sa Timog Asya at ngayon ay tumutulong siya sa mga bansa sa buong mundo.

PAALALA: kung hindi available ang video ng panayam, pakitingnan ang mga sipi at tanong tungkol sa Banal na Kasulatan sa dulo ng yunit na ito, pagkatapos ay bumalik sa tanong 11 kapag natapos mo na ang bahaging iyon.

MAPAPANOOD ANG VIDEO SA PAMAMAGITAN NG PAG-CLICK SA LINK NA ITO:
<https://vimeo.com/605038367/82bee419db>

12. Ano ang sinabi ni Dr. Sluka tungkol sa kanyang sariling karanasan na nakapukaw ng interes sa iyo?

May sinabi ba siya tungkol kay Hesus at sa paglikha na bago sa iyo?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

Binanggit ni Dr. Sluka ang tungkol sa isang maliit na alimango, at ang alimango sa lahat ng pagka-alimango nito ay bahagi ng pandaigdigang pagsamba sa Diyos. Ano ang ibig sabihin nito? Paano pinupuri ng sangnilikha ang Diyos?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

Paano ka hinahamon, o hinihikayat, ng mga ideyang inilahad ni Dr. Sluka habang iniisip mo ang pangangalaga sa mga nilikha?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

Sa Anong Mga Paraan Natin Magagawa...

13. Sinimulan natin ang ating talakayan ngayon sa pamamagitan ng pagtingin sa mga kababalaghang inilagay ng Lumikha sa ating paligid. Pagkatapos ay tiningnan natin ang mga pinsalang nagawa sa sangnilikha.

Ano ang magagawa ng isang tunay na masiglang komunidad ng mga tagasunod ni Hesus upang mapanatili ang kagandahan at maayos ang pinsalang nagawa?

Paano makakatulong ang pangangalaga sa sangnilikha sa pagbuo ng masiglang komunidad ng mga tagasunod ni Hesus?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

Konklusyon

14. Ano ang magiging kaibahan kung iisipin natin ang pangangalaga sa nilikha bilang isang pagpapahalagang nakakaapekto sa kung paano tayo namumuhay at sa ating ginagawa (tulad ng integridad, kabaitan, o paggalang sa ibang tao) sa halip na isipin ito bilang isang aktibidad o programang ating isinasagawa?

15. Ano ang isang hakbang na gagawin natin, bilang isang pangkat, upang mas mapangalagaan ang sangnilikha?

Para Sa Pansariling Pagninilay:

Mag-isip ng isang komunidad na hindi gaanong naaabot na iyong pinaglilingkuran o ipinagdarasal. Habang natututo sila tungkol kay Hesus at nagsisimulang bumaling sa kanya, paano nila matututunan na ang pangangalaga sa mga nilikha ay bahagi ng pagiging tagasunod ni Hesus

Para Sa Karagdagang Pag-Aaral...

Ika-Anim na Kabanata, *Undivided Witness*.

O kaya'y panoorin ang labindalawang maiikling video clip tungkol sa pangangalaga sa paglikha mula sa Lausanne Global Classroom sa: <https://www.lausanne.org/lausanne-globalclassroom/creation-care-episode>

Para Sa Mga Hindi Nakapanood Ng Video Kasama Si Dr. Robert Sluka

Pagnilayan ang mga sumusunod na sipi:

Mga Taga-Colosas 1:15-20

¹⁵. Ang Anak ay siyang larawan ng Diyos na di-nakikita, ang panganay sa lahat ng nilikha.

¹⁶. Sapagkat sa kanya nilikha ang lahat ng bagay, sa langit at sa lupa, nakikita at di-nakikita, maging mga trono o mga kapangyarihan o mga pinuno o mga awtoridad; lahat ng bagay ay nilikha sa pamamagitan niya at para sa kanya. ¹⁷. Siya'y nauna sa lahat ng mga bagay, at sa kanya ang lahat ng mga bagay ay nagkakaisa. ¹⁸. At siya ang ulo ng katawan, sa makatuwid baga'y ng iglesia; siya ang pasimula, ang panganay na mula sa mga patay, upang sa lahat ng bagay ay magkaroon siya ng kadakilaan. ¹⁹. Sapagkat minabuti ng Diyos na ang buong kapuspusan niya ay manahan sa kanya, ²⁰. At sa pamamagitan niya ay ipagkasundo niya sa kaniyang sarili ang lahat ng mga bagay, maging ang mga bagay sa lupa o ang mga bagay sa langit, sa pamamagitan ng pakikipagpayapaan sa pamamagitan ng kaniyang dugo na nabuhos sa krus.

Isang pananaw mula sa sipi na ito ay mayroong tatlong pangunahing ugnayan si Hesus sa sangnilikha, hindi gaanong isang papel (tulad ng pagiging panganay) kundi isang bagay na aktibo niyang ginawa, ginagawa, o gagawin. Nakikita mo ba ang tatlong papel na iyon?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

Pahayag 5: 9 – 13

Ang lahat ng nilikha ay nasa harap ng trono ng Diyos. Paano sinasamba ng nilikha ang Diyos?

⁹. At umawit sila ng isang bagong awit, na nagsasabi:

“Ikaw ang karapat-dapat na kumuha ng balumbon(scroll) at magbukas ng mga tatak(seal) nito, sapagkat ikaw ay pinatay, at sa pamamagitan ng iyong dugo ay binili mo para sa Diyos ang mga tao mula sa bawat angkan at wika at bayan at bansa. ¹⁰. Ginawa mo silang isang kaharian at mga pari upang maglingkod sa ating Diyos: at sila ay maghahari sa lupa.”

11. At tumingin ako at narinig ang tinig ng maraming anghel, na ang bilang ay libo-libo at sampung libo. Pinalilibutan nila ang trono, ang mga nilalang na buhay, at ang mga matatanda. 12. Sa malakas na tinig ay sinasabi nila:

“Ang Kordero, na pinatay, ay karapat-dapat tumanggap ng kapangyarihan, kayamanan, karunungan, lakas, karangalan, kaluwalhatian, at papuri!”

13. At narinig ko ang bawat nilalang na nasa langit, nasa lupa, nasa ilalim ng lupa, nasa dagat, at lahat ng nasa mga iyon, na nagsasabi:

“Sa kanya na nakaupo sa trono at sa Kordero, ang papuri, karangalan, kaluwalhatian, at kapangyarihan ay para sa kanya magpakailanman!”

Suriing mabuti ang sipi na ito. Sino ang nag-aalok ng papuri sa Diyos at sa Kordero?

ANG IYONG MGA SAGOT:

Mga bagong ideya ba ito para sa iyo tungkol kay Hesus at sa paglikha?

Paano sila maaaring makapagdulot ng pagbabago, hamunin ka, o mahikayat ka, habang iniisip mo ang pangangalaga sa mga nilikha?

Ngayon, balikan ang Tanong 11 sa itaas



Ika-Pitong Prinsipyo: Isang Pangitain para sa Masiglang Komunidad ng mga Tagasunod ni Hesus at ang Pagpapanibago ng mga Indibidwal at Komunidad

Mga Layunin para sa Talakayang Ito:

1. Makikilala ng mga tao sa ating pangkat ang kahalagahan ng pakikinig sa iba, lalo na sa mga tagasunod ni Hesus sa komunidad na ating pinaglilingkuran.
2. Makikita ng mga tao sa ating pangkat ang kahalagahan ng pagkakaroon ng malinaw na pananaw para sa pagbuo ng masiglang komunidad ng mga tagasunod ni Hesus.
3. Makikita ng mga tao sa ating pangkat ang ugnayan sa pagitan ng tiyempo, intensyonalidad, at pagpapakita at pagpapaliwanag ng mabuting balita.

Parerepaso/Balik-Tanaw

1. Noong Nakaraang Linggo Ay Tiningnan Natin Ang Ika-Anim Na Prinsipyo: 'Ang pangangalaga sa sangnilikha ay isang pagpapahayag ng pagsamba, pagsaksi at pagsunod.'
2. Ang personal na pagninilay ay ang pag-iisip tungkol sa isang komunidad na hindi gaanong naaabot na iyong pinaglilingkuran o ipinagdarasal. Habang natututo sila tungkol kay Hesus at nagsisimulang bumaling, paano nila matututunan na ang pangangalaga sa sangnilikha ay bahagi ng pagiging tagasunod ni Hesus?

Maglaan tayo ng 3-4 na minuto para ibahagi kung paano natin sinagot ang mga tanong na iyan.

Panimula

3. Sa linggong ito ay titingnan natin ang Ika-Pitong Prinsipyo.

Buod ng Ika-Pitong Prinsipyo: Ang Tunay na pagbabago ay nangangailangan ng isang pangitain para sa masiglang mgakomunidad ng mga tagasunod ni Hesus at ang pagpapanibago ng mga indibidwal at komunidad.

4. Paano mo bibigyang-kahulugan ang salitang 'pagbabago'?

ANG IYONG MGA SAGOT:

5. Isaalang-alang natin ang isang kuwento upang ilarawan kung ano ang hitsura ng 'isang pangitain para sa pagpapanibago at isang masiglang komunidad ng mga tagasunod ni Hesus'.

Noong mga unang taon ng dekada 2000, dalawang organisasyon ng misyon ng mga Kristiyano ang nagsimulang magtrabaho sa isang liblib na bahagi ng isang bansa sa Asya. Ang kanilang gawain ay nakatuon sa kalusugan at pag-unlad ng komunidad at di-pormal na edukasyon. Ang mga miyembro ng pangkat, mga Kristiyano at hindi Kristiyano, ay nagtulungan sa mga miyembro ng komunidad at sa loob ng ilang taon ay nakakita ng mga makabuluhang pagpapabuti sa kalusugan ng mga kababaihan at mga bata, tubig at sanitasyon, seguridad sa pagkain, literasiya, at iba pang mga tagapagpahiwatig. Nakipag-ugnayan sa isang simbahan sa ibang rehiyon ng bansa at isang pastor ang ipinadala upang itayo ang unang simbahan sa lugar. Sinuportahan siya, ang kanyang pamilya, at ang bagong samahan ng mga Kristiyano sa iba't ibang paraan. Malaking oposisyon ang naranasan ng mga miyembro ng simbahan sa lokal at, nakalulungkot, ang simbahan ay nahati sa loob ng ilang taon dahil sa isang hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng dalawang pinuno; patuloy na sinuportahan ng mga miyembro ng kawani ang parehong simbahan. Halos dalawampung taon na ang lumipas, mayroong mahigit sampung simbahan sa lugar na ito na may mahigit 200 miyembro. Nagpatuloy ang mga makabuluhang pagpapabuti sa pag-unlad sa lugar sa pamamagitan ng gawain ng gobyerno at ilang mga NGO. Maraming simbahan ang naglilingkod din sa kanilang mas malawak na mga komunidad sa iba't ibang paraan.

Gaya ng binanggit ni Mark Galpin sa *Undivided Witness*, inilalarawan ng kuwentong ito ang mga hamon at oportunidad sa pagitan ng pagpapaunlad ng komunidad at paninimula ng simbahan sa mga komunidad na hindi gaanong naaabot.

Ano ang mga hamong hinarap ng mga organisasyong misyonero?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

6. May iba't ibang antas ng pagpapanibago (o transpormasyon) na nangyayari sa isang komunidad. Para sa atin, bilang mga tagasunod ni Hesus, may iba't ibang antas ng kalayaang ipahayag, sa iba't ibang panahon.

Sa aling mga lugar mo gustong maranasan ng mga tao sa iyong komunidad ang pagbabago, o kalayaan?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

Laging Maging Handa

7. Itinuturo ng Ika-Pitong Prinsipyo ang pangangailangan para sa isang pangitain, at para sa pagiging intensyonal. Kasama rito ang pagiging handa. Tingnan natin ang sinabi ni Pedro tungkol dito.

Sa halip, dapat mong sambahin si Kristo bilang Panginoon ng iyong buhay. At kung may magtanong tungkol sa iyong pag-asa bilang isang mananampalataya, maging handa kang laging magpaliwanag nito. Ngunit gawin mo ito nang mahinahon at may paggalang. Panatilihing malinis ang iyong konsensya. Upang kung may magsalita laban sa iyo, mapahiya sila kapag nakita nila kung gaano kabuti ang iyong pamumuhay dahil kay Kristo. (NLT)

8. Ano ang ibig sabihin ng 'maging handa' ? Paano ito naaangkop sa ating ideya ng 'pagpapakita at pagpapaliwanag' ng mabuting balita sa isang hindi nahahati na paraan?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

9. Paano natin nakikilala ang mga pagkakataong ipaliwanag ang ating pag-asa? Paano natin malalaman kung dapat ba nating ibahagi ito o hindi?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

10. Naramdaman mo ba minsan na nagkaroon ka ng pagkakataong 'ipaliwanag ang pag-asa na nasa iyo' ngunit wala kang kumpiyansa?

Paano natin mabubuo ang kumpiyansang ito upang tayo ay maging handa pagdating ng tamang panahon? Ano ang ilang partikular na bagay na maaari mong gawin upang 'mabuo ang iyong kagamitan' upang maging handa ka nang magpaliwanag?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

11. Ano ang ibig sabihin ng 'gawin ito nang mahinahon at magalang' sa iyong konteksto?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

Pagiging Maalalahanin Sa Pamamaraan Ng Panahon

12. Gusto nating sulitin ang bawat pagkakataon, maging intensyonal at maging handa. Gayunpaman, mayroon ding katotohanan na may mga pagkakataon na ang 'pagpapaliwanag' ng mabuting balita ay maaaring magdulot ng mas maraming pinsala kaysa sa kabutihan. Kailan ito maaaring maging totoo?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

13. Paano mo binabalanse ang pakiramdam na parang oportunidad sa kasalukuyan kumpara sa pangmatagalang pag-iisip?

Sa kaniyang kabanata tungkol sa 'etikal na ebanghelismo' sa *Undivided Witness*, tinutukoy ni Mark Galpin ang ibang tugon—kahit man lang sa tiyempo—sa kuwentong isinalaysay niya noon, na sinipi sa simula ng ating talakayan.

Kasunod agad ng mga lindol sa Nepal noong 2015, maraming organisasyong Kristiyano ang pumunta sa bansa upang magbigay ng tulong. Sa isang pagpupulong ng mga ahensya ng tulong na Kristiyano na aking dinaluhan, ibinahagi ng isang kinatawan ng organisasyon na maayos naman ang kanilang mga pagsisikap ngunit, gaya ng sabi niya, 'nakikitang isang hamon ang pagsasama ng ebanghelismo sa aming mga pamamahagi ng tulong'.

Dahil isa ako sa iilan sa silid na may mahabang panahon na karanasan sa Nepal, mariin akong tumugon, na nilinaw na sa anumang pagkakataon ay hindi nila dapat subukang isama ang ebanghelismo sa kanilang mga pagsisikap sa pagtulong. Bakit ko ito naramdaman nang ganito katindi? Alam ko na sa Nepal ay isang karaniwang paratang na ibinabato sa mga ahensyang Kristiyano na sila ay 'nangangalap ng mga bagong pananampalataya' at pinipilit ang mga tao na maging mga Kristiyano.

Pagkatapos ng lindol, mahigpit na binabantayan ito ng gobyerno. Anumang pahiwatig ng proselitismo ay maaaring makasira sa reputasyon hindi lamang ng organisasyong direktang kasangkot kundi pati na rin ng lahat ng iba pang mga Kristiyano. Magdudulot ito ng negatibong epekto sa pananaw mismo sa ebanghelyo, at malamang na magreresulta sa pagbabawal sa lahat ng pakikilahok ng mga Kristiyano sa mga pagsisikap sa pagtulong at muling pagtatayo, na magbabawas sa tulong at suporta na lubhang kailangan.

Malinaw na tindig ng lokal na simbahan sa Nepal na ito ang panahon upang matugunan ang agarang pisikal na pangangailangan ng mga tao, at hindi ang makisali sa pagpapahayag. Sa paggawa nito, tiwala sila na sa sitwasyong ito, naaangkop silang nagpapatotoo sa pag-ibig ni Kristo para sa lahat ng tao, anuman ang kanilang pananampalataya. Darating ang panahon para sa pagpapahayag; ito ang panahon para sa pagpapakita.

Ang organisasyong nabanggit ay walang pag-unawa sa konteksto. Ang kanilang pamamaraan ay hinihimok ng pangangailangang madama na sila mismo ay gumagawa ng 'pangkalahatang misyon' sa sitwasyong ito. Ito ay nagmula sa isang limitado at limitadong pag-unawa sa Kaharian ng Diyos. Dahil dito, mas marami silang nagawang pinsala kaysa sa kabutihan.

A. Ayon sa kuwentong ito, ano ang tama at ano ang mali sa pananaw ng panlabas na organisasyon? Hanggang sa oras ng pagpupulong, sino ang kanilang pinakinggan?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

B. Ano ang pananaw ng simbahang Nepali? Ano ang kanilang pananaw? Bakit mahalaga ang kanilang pananaw?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

C. Ano ang sinasabi sa atin ng kuwentong ito tungkol sa kombinasyon ng a) intensyonalidad at pananaw kasama ang b) pangmatagalang pananaw at pagiging sensitibo sa tiyempo?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

D. Ano ang ipinahihiwatig ng kuwentong ito tungkol sa kung paano nagkakaugnay ang pagpapakita at pagpapaliwanag ng mabuting balita?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

Konklusyon

14. Ang huling bahagi ng 1 Pedro 3:16 ay nagsasabi sa atin na 'Panatilihing malinis ang inyong konsensya, upang ang mga taong nagsasalita laban sa inyo ay mapahiya kapag nakita nila kung gaano kabuti ang inyong pamumuhay dahil kay Cristo.'

Bakit mahalaga para sa atin na mamuhay nang maayos kasama ang mga tao sa ating komunidad? Ano ang mangyayari kung hindi natin ito gagawin?

15. Ano ang isang bagay na namukod-tangi sa iyo mula sa talakayan ngayon? Ano ang mga natutunan mo na sa tingin mo ay maisasagawa mo at ng iyong pangkat?

Para Sa Pansariling Pagninilay:

Sa bahaging ito, napag-usapan natin ang kahalagahan ng pagkakaroon ng malinaw na pananaw at ang pagiging intensyonal kung nais nating makakita ng pagbabagong nagaganap. Totoo ba ito para sa iyong koponan at sa iyo? Sa anong mga paraan ka maaaring mapabuti?

Paano mo nakikita ang masiglang komunidad ng mga tagasunod ni Hesus na nakakatulong sa pagbabago sa komunidad kung saan ka nakatira o naglilingkod?

Para Sa Karagdagang Pag-Aaral...

Ika-Pitong Kabanata at ang Reflection on Ethical Evangelism, *Undivided Witness*



Ika-Walong Prinsipyo: Ang Mga Manggagawa Sa Pagpapaunlad Ng Komunidad Ay Nakatuon Sa Propesyonal Na Kahusayan

Mga Layunin para sa Talakayang Ito:

1. Mas mauunawaan ng ating pangkat kung paano maaaring maging isang pagpapahayag ng pagsamba ang pagtatrabaho.
2. Magkakaroon din tayo ng mas mahusay na pag-unawa sa kung ano ang ibig sabihin ng propesyonal na kahusayan at kung bakit ito mahalaga habang naglilingkod tayo sa ating mga komunidad.

Pagrerepaso/Balik-Tanaw

1. Noong nakaraang linggo, tiningnan natin ang Ika-Pitong Prinsipyo: 'Ang tunay na pagbabago ay nangangailangan ng isang pangitain para sa masiglang komunidad ng mga tagasunod ni Hesus at ang pagpapanibago ng mga indibidwal at komunidad.'

Ang personal na pagninilay-nilay ay upang isaalang-alang kung ang ganitong uri ng pananaw at intensyonalidad ay totoo para sa iyong koponan at sa iyo. Sa anong mga paraan mo maaaring mapabuti?

Paano mo nakikita ang masiglang komunidad ng mga tagasunod ni Hesus na nakakatulong sa pagbabago sa komunidad kung saan ka nakatira o naglilingkod?

Maglaan tayo ng 3-4 na minuto para ibahagi kung paano natin sinagot ang tanong na iyan.

Ano Ang Kahusayan Sa Propesyonal Na Pamumuhay?

2. Sa linggong ito ay titingnan natin ang Ika-Walong Prinsipyo.

Buod ng Ika-Walong Prinsipyo: *'Mga manggagawa sa pagpapaunlad ng komunidad ay nakatuon sa propesyonal na kahusayan.'*

3. Simulan natin sa pag-unawa sa ibig sabihin ng propesyonal na kahusayan. Paano mo bibigyang- kahulugan ang terminong 'propesyon'?

ANG IYONG MGA SAGOT:

4. Ang susunod na terminong nais nating tingnan ay ang terminong 'kahusayan'. Paano mo nauunawaan ang ideya ng kahusayan?

ANG IYONG MGA SAGOT:

5. Madalas na nagugulat ang mga tao sa kahusayan dahil ang kahusayan ay higit pa sa minimum na kinakailangan.

A. Pag-isipan natin ang kuwento ni Ruth sa Bibliya. Maaaring ibang-iba ang kinalabasan kung ginawa lang nina Ruth at Boaz ang pinakamababang hinihingi ng lipunan o ng batas.

B. Sa anong mga paraan lumampas si Ruth sa inaasahan?

C. Paano naman si Boaz? Sa anong mga paraan siya lumampas sa hinihingi?

D. Ano ang naging resulta ng kanilang pagsusumikap nang higit pa sa inaasahan?

6. Masasabi nating ang mga kilos nina Ruth at Boaz ay mga gawa ng pagsamba dahil nagdulot ang mga ito ng kaluwalhatian sa Diyos. Ang kanilang mga kilos ay nagpakita ng kanyang tapat at mapagkalinga na pagmamahal. Ang ating gawain ay maaari ding maging isang gawa ng pagsamba. Sa anong mga paraan mo nakikita ang gawaing iyong ginagawa bilang isang gawa ng pagsamba?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

7. Ang trabaho ay isang kaloob mula sa Diyos, na ibinigay kina Adan at Eba bago ang Pagbagsak. Ang gawaing ginagawa natin ay hindi lamang isang 'kinakailangang kasamaan' na bunga ng kasalanan.

- Sinasabi sa atin ng Banal na Kasulatan na anuman ang ating gawin, dapat natin itong gawin nang buong puso, na parang gumagawa tayo para sa Panginoon. (Col. 3:23)
- Sinasabi rin sa atin ng Kasulatan na tayo ay isang maharlikang pagkasaserdote. (1 Pedro 2:9) Ito ay tumutukoy sa ating buong buhay, at hindi lamang sa mga partikular na gawain na ginagawa sa isang relihiyosong kapaligiran.

8. Isipin natin ang ating ginagawa. Sa ating trabaho, kadalasang may mga pamantayang itinakda para sa atin (ng gobyerno, mga propesyonal na organisasyon, asosasyon, mga organisasyon, mga alyansa, mga taong nagbibigay ng akreditasyon, atbp). Halimbawa, sa maraming bansa kailangan mong panatilihin ang iyong rehistrasyon bilang isang nars o physical therapist.

Maaaring ikaw ay ganap na kwalipikado, ngunit kailangan mo pa rin ng lokal na pagpaparehistro.

Ano ang mga propesyonal na pamantayan na itinakda para sa atin at sa mga taong may katulad na trabaho sa ating komunidad? Maaari pa nga itong mga pamantayang itinakda ng sarili ninyong pangkat o pamunuan sa larangan.

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓
✓
✓

9. Para sa atin, bilang mga tagasunod ni Hesus, may iba pang mga pamantayan na nakabatay sa mga pagpapahalagang Biblikal. Halimbawa, sinabihan tayo sa Kasulatan na maging mabilis sa pakikinig, mabagal sa pagsasalita, at mabagal sa pagkagalit (Santiago 1:9).

Ano pa ang maaaring iba pang mga pamantayan na itinakda batay sa mga pagpapahalagang Biblikal?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓
✓

10. Marami tayong mga stakeholder.

Ang mga stakeholder ay mga taong may interes sa isang proyekto o aktibidad. Maaari silang maapektuhan (mabuti man o masama) ng resulta ng proyekto. Kabilang sa mga stakeholder ang komunidad na pinaglilingkuran, mga tagalabas na tumutulong sa proyekto, lokal na pamahalaan, mga donor, at iba pa.

Ang 'mga pangunahing stakeholder' ay ang mga taong higit na maapektuhan ng proyekto o ang mga taong naglaan ng pinakamalaking pamumuhunan dito.

Ang komunidad na ating pinaglilingkuran ay kadalasang nakakalimutang mga stakeholder. Gusto natin silang pahalagahan. Sila ay nilikha ayon sa wangis ng Diyos. Napakaraming tao ang pumupunta sa isang komunidad at sinasabi lang sa kanila ang kanilang mga pangangailangan ngunit gusto natin silang pakinggan. Binigyan na sila ng Diyos ng kakayahang gumawa ng mabuti at gawin ito nang may kahusayan; gusto nating tumulong para maipalabas ang kahusayang taglay nila. Ang lahat ng ito ay tumutukoy sa ating pagnanais at pangangailangang bumuo ng isang relasyon sa kanila. Kapag nangyari iyon, sa halip na isang bagay na ipinataw mula sa labas, ang komunidad (hindi ang mga tagalabas) ang magiging tunay na may-ari at pinuno ng nangyayari.

11. Isipin ang mga proyektong ating kinasasangkutan (o nalalaman o maaaring kasali). Sino ang mga stakeholder?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

Sa sitwasyon na ito, anu-anong maaring asahan ng ating mga kasama sa komunidad habang tayo ay nakikipag-ugnayan sa kanila?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

12. Nagkuwento si Gabriel Markus tungkol sa komunidad na pinaglilingkuran niya bilang isang stakeholder.

Gaya ng nabanggit kanina sa aming pagsasanay, ako ang nag-coordinate ng isang malaking proyekto sa konstruksyon sa Sri Lanka matapos ang tsunami noong Boxing Day 2004 na nag-iwan ng libu-libong nawalan nang tirahan. Isang umaga, nakatanggap ako ng agarang tawag mula sa isang manggagawa sa isang ahensyang kasosyo sa Europa: ang lalaki ay hingal na hingal, nagmamakaawa sa akin na pumunta agad dahil may humahabol sa kanya at nagbabantang papatayin siya gamit ang pala.

Dali-dali akong sumakay sa aking kotse, nagmaneho papunta sa lugar, at nagawa kong pakalmahin ang lahat. Hindi alam ng lalaking Europeo kung ano ang nagawa niyang mali, kung bakit galit na galit ang lalaki—ngunit pakiramdam niya ay hindi pinahahalagahan ng lalaking Sri Lankan ang kanilang pagsusumikap. Humarap ako sa lalaking Sri Lankan at, nagsalita sa kanyang wika, nagtanong tungkol dito. 'Nagpapasalamat kami,' sabi niya, 'ngunit hindi lang sila nakikinig.'

Lumabas na ang mga Europeo ay may maayos na plano ng sahig para sa mga bahay—ngunit may isang mahalagang elemento itong hindi naunawaan. Para sa mga taga-nayon na Hindu Tamil, napakahalaga na ang pinto ng kanilang bahay ay nakaharap sa silangan upang matanggap ang biyaya ng sumisikat na araw (kahit saan man naroon ang kalapit na kalye). Ang hindi pakikinig ng mga Europeo ay muntik nang humantong sa pagtatayo ng mga bahay na hindi mapahahalagahan (at posibleng pagkawala ng buhay ng isang manggagawa ng NGO).

Nakukuha ng kuwentong ito ang napakahalagang kahalagahan ng pakikinig sa komunidad na ating pinaglilingkuran at pag-alam kung ano ang mahalaga sa kanila. Bukod sa mahalagang gawaing ito, sa ating partikular na sitwasyon, ano ang dapat asahan ng ating mga pangunahing stakeholder kapwa sa komunidad at sa iba pa (tulad ng mga donor at opisyal ng gobyerno) mula sa atin bilang mga kaugnay nila?

ANG IYONG MGA SAGOT:

Konklusyon

13. Kaya nakikita natin na may mga inaasahan na expectations para sa atin ng ating pangkat, galing sa mga panlabas na awtoridad, mula sa komunidad at mula sa iba pa, kabilang na ang Diyos mismo.

Isipin ang sarili mong tungkulin. Maaari tungkol ito sa anumang trabahong ginagawa mo, hindi lamang sa pagpapaunlad ng komunidad. Habang ginagawa mo ang iyong trabaho, ano ang pagkakaiba ng paggawa ng pinakamababa sa inaasahan at paglilingkod nang may kahusayan?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

14. Ano ang pagkakaiba sa ating pagpapatotoo kapag tayo ay nakatuon sa propesyonal na kahusayan?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

15. Anong ideya ang namukod-tangi para sa iyo mula sa talakayan ngayon? Bakit?

ANG IYONG MGA SAGOT:

Para Sa Pansariling Pagninilay:

Sa mga lugar kung saan ako naglilingkod, o umaasang maglingkod, may mga aspeto ba kung saan kailangan kong pagbutihin ang aking propesyonal na pagsasanay? Paano ko mapapaunlad ang mga kasanayang iyon?

Dahil hindi ko kayang gawin ang lahat nang mag-isa, sa anong mga aspeto ako (o ang aking koponan) ay kailangang makatanggap ng tulong at payo mula sa mga may propesyonal na kasanayan?

Para Sa Karagdagang Pag-Aaral...

Ika-Walong Kabanata, *Undivided Witness*



Ika-Siyam na Prinsipyo: Mga Pinagsasaluhang Prinsipyo Ng Kahusayan

Mga Layunin para sa Talakayang Ito:

1. Makikita ng mga tao sa ating pangkat kung paano nagpupuno sa isa't isa ang mahusay na Pagpapaunlad ng Komunidad at mga Prinsipyo ng VCJF.
2. Makikita ng mga tao sa ating pangkat kung paano nagsasama ang Pagpapaunlad ng Komunidad sa pagsasagawa at mga pagsisikap na makita ang mabuo at lumalago na mga komunidad ng mga tagasunod ni Hesus.

Pagrerepaso/Balik-Tanaw

1. Noong nakaraang linggo, tinalakay natin ang Ika-Walong Prinsipyo: Ang mga manggagawa sa pagpapaunlad ng komunidad ay nakatuon sa propesyonal na kahusayan.

Ang personal na pagninilay-nilay ay upang isaalang-alang ang mga lugar kung saan kailangan kong pagbutihin ang aking propesyonal na pagsasanay.

Paano ko mapapaunlad ang mga kasanayang iyon? Dahil hindi ko kayang gawin ang lahat nang mag-isa, sa anong mga lugar ako (o ang aking pangkat) ay kailangang makatanggap ng tulong at payo mula sa mga may propesyonal na kasanayan?

2. Maglaan tayo ng 3-4 na minuto para ibahagi kung paano natin sinagot ang tanong na iyan.

Panimula

3. Sa linggong ito ay titingnan natin ang Ika-Siyam na Prinsipyo.

Buod ng Ika-Siyam na Prinsipyo: 'Maraming pinagsasaluhang prinsipyo ng kahusayan sa pagitan ng pagpapaunlad ng komunidad at pagbuo ng masiglang komunidad ng mga tagasunod ni Hesus.

4. Pakinggan natin ang karanasan ni Andrea sa isang Pasko sa Gitnang Asya at tingnan kung ano ang matututuhan natin tungkol sa ating sarili.

Isang Bisperas ng Pasko sa isang maliit na lungsod sa Gitnang Asya, nagluto si Andrea ng pagkaing mula sa kanyang bansang sinilangan na sa tingin niya ay hindi na magiging kakaiba para sa kanyang mga lokal na kaibigan: inihaw na manok, kanin, at mga gulay.

Gaya ng kaugalian ng mga lokal, inilatag niya ang mantel sa sahig at buong

pagmamalaking inihain ang pagkain sa kanyang mga lokal na kaibigan. Masigasig nilang inililipat ang pagkain sa kanilang mga plato; ang ilan ay kumain ng manok ngunit kakaunti ang gumalaw sa natitira.

Nawalan ng pasensya si Andrea kaya nagtanong siya, "Bakit hindi mo kainin ito? Pareho lang ang sangkap nito sa chicken pilau!" Gulat na gulat na tumingin ang mga kaibigan niya kay Andrea at sinabing, "Oo, pero kung alam mo 'yan, bakit mo niluto nang hiwalay ang lahat kung mas masarap naman itong pinaghalo?"

A. Ano ang naiisip mo tungkol sa sarili mong buhay dahil dito? Ang buhay mo ba ay parang nilaga, na lahat ay niluluto nang magkakasama, o parang isang pagkain na ang lahat ay niluluto nang magkakahiwalay?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓
✓

B. Ano ang mabuti sa pagiging parang nilaga? Ang pagiging 'luto' nang magkakahiwalay?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓
✓

5. Habang iniisip mo ang ating mga talakayan, ano ang naiisip mo sa kuwentong ito tungkol sa Hindi Nahahating Saksi o Ganap na Saksi, 'pagpapakita at pagpapaliwanag ng mabuting balita', pagpapaunlad ng komunidad, at masiglang komunidad ng mga tagasunod ni Hesus?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓
✓

Paghahambing Ng Mga Prinsipyo

6. Gumawa ang OM ng listahan ng 'Sampung Prinsipyo ng VCJF na Makakatulong sa Paghubog ng Ating Ministeryo'. Ang mga prinsipyong ito ay maraming pagkakatulad sa mga mahuhusay na prinsipyo para sa pagpapaunlad ng komunidad.

Prinsipyo Ng VCJF	Prinsipyong Inilapat sa Pagpapaunlad ng Komunidad ng may Pagbabago
Panalangin At Pag-Aayuno	Nagmamalasakit tayo sa mga biyuda at ulila, inilalarawan bilang tunay na pag-aayuno sa Isaías, nakikibahagi tayo sa pagbabagong pag-unlad, kailangan nating magkaroon ng kamalayan sa espirituwal na pananaw sa mundo at mga kapangyarihan sa komunidad
Pakikipagtulungan	Nakikipagtulungan kami sa komunidad at lahat ng stakeholder. Ang pag-unlad ay dapat palaging isang inklusibong proseso. (Tingnan ang kapitolo 5)
Handang Magdusa	Nakatira tayo kasama ang mga nagdurusa at nagdadalamhati sa mga pagdadalamhati nila, kahit na lumilikha ito ng panganib para sa atin. Naghahanap tayo ng isang teolohikal na pananaw sa pagdurusa nang magkasama
Gawin Kung Ano Ang Madaling Kopyahin	Ang aming mga proyekto sa pag-unlad ay batay sa mga lokal na asset at naaangkop na teknolohiya na maaaring kopyahin at nasusukat
Ang Aming Malawak Na Paghahasik Ay May Kaugnayan, Ayon Sa Konteksto At Naglalayong Magtamo Ng Susunod Na Hakbang	Ipinasok namin ang may-katuturan at naaangkop na konteksto sa espirituwal na katotohanan sa isang malawak na network na binuo sa pamamagitan ng aming paglahok sa komunidad
Kami Ay Nasa At Nakikibahagi Sa Hindi Masyadong Naabot Na Mga Komunidad	Ang pinakamaliit na naabot ay iyan din ang pinakamaliit na naabot sa pag-unlad, edukasyon at ekonomiya. Lalo na sa mga pinakamahihirap na lugar sa mundo, ang pamumuhay sa isang komunidad bilang mga manggagawa sa pag-unlad ay nagbibigay sa amin ng isang tunay na presensya.
Bumuo At Gamitin Ang Mga Koponan Nang Naaangkop	Ang pag-unlad ng komunidad ay pagtutulungan at kadalasan ay multikultural at pagtutulungan ng iba't ibang ahensya.
Nakatuon Sa Mga Grupo	Isinasagawa namin ang pagbubuo ng komunidad at ginagaya ang malulusog na komunidad ng pagtutulungan at pagkatuto ng kapwa sa aming mga proyekto.
Gumawa Ng Mga Alagad, Hindi Mga Konberso(Converts).	Palaging tinitingnan ng pag-unlad ng komunidad ang mga kalahok bilang mga ahente ng pagbabago, mga taong may potensyal na baguhin at hubugin ang kanilang mga komunidad at lipunan.
Lokal Na Pamumuno At Pagmamay-Ari	Ang pag-unlad ng komunidad ay pansamantalang tulong. Nagsisilbi kaming modelo, tumutulong, nangunguna, at mula pa sa simula ay nagpapalago ng mga pinuno ng komunidad. Bilang mga Kristiyanong organisasyon sa pag-unlad, nagsisilbi kaming modelo at nagtuturo ng pamumunong lingkod at pastor sa lahat ng antas ng lipunan.

7. Habang tinitingnan mo ang listahang ito, paano ipinapakita ng paghahambing ng dalawang hanay ng mga prinsipyo na tayo ay 'hindi nahahati' sa ating pagpapatotoo.

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

8. Tingnan natin ang ilan sa mga prinsipyong ito nang mas detalyado. Isinulat ng may-akda ng Ika-Siyam na Kabanata sa *Undivided Witness* ang sumusunod, na hinango sa eksperto sa transformational development na si Bryant Myers:

Isa sa mga pinakamahalagang prinsipyo sa pagpapaunlad ng komunidad ay ang aktibong pakikilahok ng komunidad sa paghahanap ng mga solusyon at pagtatakda ng adyenda at direksyon para sa anumang proseso ng pag-unlad. Ipinapaalala sa atin ni Bryant Myers sa kanyang aklat (*Walking with the Poor*) *Paglalakad Kasama Ang Mahirap* (pahina 218) na kung gusto nating ibahagi ang ating kwento, kailangan muna nating pakinggan ang kanilang kwento.

Pagkatapos ay sinabi ni Bryant Myers:

'...nahaharap tayo sa isang hamon. Paano natin pagsasama-samahin ang mga kuwentong ito upang mapahusay nila ang isa't isa, at upang ang lahat ay matuto at lumago? Ang susi ay ang pagiging komunidad sa isa't isa... Ang pagbuo ng komunidad ang ginagawa ng mabubuting kapitbahay.'

A. Saan mo nakikita ang aktibong pakikilahok ng komunidad na naaangkop sa pagpapaunlad ng iyong komunidad o katulad na gawain? Paano tayo makikinig sa kanilang kwento at magiging isang komunidad?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

B. Paano o saan mo ito nakikita sa pagbuo ng mga bagong simbahan o masiglang komunidad ng mga tagasunod ni Hesus?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

9. Ang isa pang mahalagang prinsipyo sa pagpapaunlad ng komunidad ay ang pag-uulit at pagpapalawak. Makukuha ba ng lokal na komunidad ang iyong interbensyon at magawa ulit ang katulad nito sa lokal na lugar? Sapat ba at simple ito, gamit ang mga lokal na mapagkukunan? Maaari bang kopyahin ng iba ang iyong pinakitang ginawa?

- Paano ito naaangkop sa uri ng trabahong iyong ginagawa?
- Kumusta naman ang iyong pamamaraan sa pagtulong sa mga tao na lumago sa pananampalataya, pagiging disipulo?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

10. Isa sa aming mga kasamahan sa OM ay isang lisensyadong physical therapist na may espesyalisasyon(kasanayan) sa pagtulong sa mga may kapansanan. Sumulat siya:

Ang isang mahalagang bahagi ny community development ay ang ideya na ang kalusugan, rehabilitasyon, edukasyon, at mga grupo ng tulong pansarili (Self Help Groups) as nararapat matagpuan malapit sa mga taong nangangailangan ng mga serbisyon ito. Dito, pinag-uusapan natin ang pangunahing kalusugan kumpara sa mas malalaking polyclinic sa pinakamalapit na lungsod, mga paaralan sa nayon na itinantag kahit sa lugar o sa mga komunidad ng mga nomad; inklusibong edukasyon para sa mga batang may kapansanan; na imbes na pumasok sa boarding school o espesyal na edukasyon ay makapasok sila sa maski anong paaralan, at ang pakaroon ng legal at suporta ng mga kasama sa pamamagitan ng mga grupong lokal (ng mga kababaihan) na may layunin tulongan ang kanilang mga sarili, at hindi manatiling nakahiwalay sa iba. .

A. Paano ito naaangkop sa inyong kapaligiran sa mga serbisyo at mga paraan na nais mong tulongan ang isang komunidad na makahanap ng mga solusyon para sa kanilang mga pangangailangan?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

B. Paano ito naaangkop sa pagbuo ng masiglang komunidad ng mga tagasunod ni Hesus?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

11. Matapos talakayin ang kahalagahan ng malawakang "paghahasik ng binhi" sa pamamagitan ng media, atbp., isinulat din ng physical therapist:



Ang sekular na gawaing pangkaunlaran ay kadalasang nakatuon sa praktikal, teknikal, at mga solusyon sa kaalaman. Gayunpaman, sa karamihan ng mga kultura, ang pinagbabatayang tanong kaugnay ng pangangailangan sa pag-unlad ay kadalasang pangrelasyon at espirituwal. Bilang mga Kristiyano, masasagot natin ang mga pinagbabatayang espirituwal na tanong na 'Sino ang nagkasala: ang taong ito o ang kanyang mga magulang?' (Juan 9:2).

Ang pagbabahagi ng mabuting balita na may kaugnayan sa pag-unlad at pananaw sa mundo sa mga grupo at nagkadugtong-dugtong na komunidad ay nakakatulong upang matukoy ang mga taimtim na naghahanap sa Diyos at katotohanan.

Sa pamamagitan ng paghahasik nang may kahulugan sa isang malawak na nagkadugtong-dugtong na mga kababaihan, magsasaka, at mga magulang kasama ang patuloy na pagdidilig ng mga binhing ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa grupo, ang mga handa na para sa susunod na hakbang ng regular na pagbabasa ng Salita ng Diyos ay lumilitaw.

Ang pakikipag- ugnayan sa salita ng Diyos ay nagdudulot ng pagbabago ng pananaw sa mundo at, para sa ilan, isang pagbabago sa katapatan at pagka-Panginoon ng Dios. Ang mga pagbabagong ito ay humahantong sa pagbabago ng pag-uugali at pangmatagalang pagbabago sa buong komunidad bilang resulta ng pagsunod sa salita ng Diyos.

A. Paano ito naaangkop sa iyo? Naghahasik ka ba ng mga kapaki-pakinabang na ideya at impormasyon na nakakatulong sa pagtugon sa mga pangangailangan at pagbabago sa komunidad?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

B. Ang paghahasik ba sa isang malawak na network ay may kaugnayan sa pagiging tagasunod ni Hesus at pagbuo ng masiglang komunidad ng mga tagasunod ni Hesus?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

12. Sa kaniyang pagsusulat mula sa Gitnang Asya at sa konteksto ng mga internasyonal NGO na nakatuon sa pagpapaunlad ng komunidad, sinabi niya:

Bakit kaya ang mga taong nakikibahagi sa mga internasyonal na pagsisikap sa pag-unlad ay nagpapakita na ng ilang mga pagpapahalaga na dapat paniwalaan at agad na tanggapin ng simbahan at ng mga kasangkot sa misyon para sa mga least reached

groups? Kabilang dito ang pagiging magkakaiba at internasyonal, pagbibigay ng puwang sa mga lokal na mananampalataya upang lumago, at, habang nagkakaroon sila ng karanasan, espasyo at pagkakataong maglingkod sa buong mundo.

Kung ang mga organisasyon ng misyon at mga simbahan ay magiging mas magkakaiba at nagbibigay-kapangyarihan—na nakikita ang mga dinidispulo natin bilang mga kapwa manggagawa sa pag-aani at bilang mga pinuno ng mga komunidad at organisasyon sa hinaharap—malayo na ang ating narating..

A. Naaangkop ba ito sa uri ng iyong trabaho? Maaari ka bang makipag-usap nang may sensitibo sa grupo tungkol sa mga sitwasyon kung saan ang mga tao ay binibigyang kapangyarihan na lumago sa mga tungkulin at responsibilidad? Kung naaangkop (at maalalahanin tungkol sa mga kasangkot) mayroon bang mga sitwasyon kung saan hindi ito nangyayari?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

B. Kumakapit ba tayo sa kapangyarihan, o nagbibigay-daan sa iba na mapaunlad ang kanilang mga kasanayan at lumago sa pamumuno? Anong mga positibong komento o halimbawa ang maibibigay mo kung paano ka natulungan?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

13. Nakasaad sa Deklarasyon ni Mikas:

Kung babalewalain natin ang mundo, pinagtataksilan natin ang salita ng Diyos, na siyang nagpapadala sa atin upang maglingkod sa mundo. Kung babalewalain natin ang salita ng Diyos, wala tayong maidudulot sa mundo. Ang katarungan at pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya, pagsamba at pagkilos sa politika, ang espirituwal at materyal, ang personal na pagbabago at ang pagbabago sa istruktura ay magkakaugnay. Tulad ng sa buhay ni Hesus, ang pagiging, paggawa at pagsasalita ay nasa puso ng ating pangkalahatang gawain.

- Habang iniisip natin ang iba't ibang prinsipyo ng mabuting pag-unlad ng komunidad na nakalista sa itaas, nakikita mo ba ang mga ito na akma sa paraan ng ating pagpapatotoo?
- Ang mga mabubuting halimbawa ba ng pagpapakita at pagpapaliwanag ng mabuting balita ay magkatugma nang maayos?
- Saan mo nakikita ang mga pagsasanib sa iyong ginagawa bilang mahuhusay na manggagawa sa pagpapaunlad ng komunidad (o katulad na tungkulin) at

sa iyong ginagawa (o dapat gawin) sa mga tuntunin ng pagkakita ng mga bago at masiglang komunidad ng mga tagasunod ni Hesus na nabuo?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

Pagsasagawa Nito

14. Gawin nating praktikal ito sa pamamagitan ng pag-iisip kung paano natin magagamit ang mga ideyang ito.

- Ano ang maaari nating gawin na naiiba?
- Paano natin ipapatupad ang pagbabago?
- Sino sa ating pangkat ang magiging responsable sa anong bahagi?
- Kailan magkakabisa ang mga pagbabagong ito?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

Konklusyon

15. Magtapos tayo sa pagbabasa ng kuwentong ito, isang karanasan ng isa sa ating mga kasamahan.

Ilang buwan na ang nakalilipas, binisita ko ang isang pamilyang refugee sa isang lungsod sa Gitnang Silangan, kasama sa pangkat ng aming organisasyon na binubuo ng isang Kanluraning pediatrician at isang parmasyutiko sa Gitnang Silangan.

Pareho silang mahusay magsalita ng Arabic at Ingles at lubos na minahal ang mga taong kanilang pinaglilingkuran. Binisita namin ang isang pamilyang nabubuhay sa matinding kahirapan: ang babae ay nahaharap sa mga kahirapan sa kanyang pag-aasawa at apat sa kanyang anim na anak ay may kapansanan o mga katangiang nagdudulot ng stigma tulad ng albinism.

Habang nagmamasid ako, nakikinig at nagpagaan ng damdamin. Ang pangkat ay nagbigay ng de-kalidad na medikal na payo at referral, at tinulungan ang babaeng hindi marunong bumasa at sumulat na magbasa ng mga medikal na papel. Nagbahagi sila ng maraming ngiti at ang dalawa ay umawit ng ilang kanta kasama ang mga bata at nagbigay ng mga ehersisyo para sa batang babae na pinaghihinalaang may cerebral palsy.

Sa pagtatapos ng aming pagbisita, isang kapitbahay ang lumapit. Ang aking Arabong kasamahan ay nagkuwento tungkol kay Hesus, sumagot ng higit pang mga tanong, at nanalangin ng basbas para sa pamilya. Pagkatapos ay umalis na kami.

Bihira kong makitang naisakatuparan at nakikita ang lahat ng isinulat ko sa itaas sa napakaliit na espasyo at panahon sa isang mahalagang misyon na naisakatuparan at nasaksihan sa isang animnapung minutong pagbisita, isang piging ng mga lasa at mahusay na panlasa na pinaghalo at nakalulugod sa tao at sa Diyos.

Panatilihin natin ang mga bagay na dapat pag-isahin; mas masarap ang mga bagay kapag pinaghalo nang mabuti!

Para Sa Pansariling Pagninilay:

Sa linggong ito, ating tinalakay ang pagkakatulad sa mga prinsipyo para sa mahusay na pag-unlad ng komunidad at para sa pagbuo ng masiglang komunidad ng mga tagasunod ni Hesus.

Mayroon ba sa mga prinsipyong ito ang napansin mo? Alin ang mga ito? Bakit?

Sa tingin mo ba ay nais ng Diyos na ipatupad mo ang mga ito o gumawa ng ilang pagbabago? Kung oo, isulat ang ilang mga saloobin tungkol sa iyong nararamdaman. Kanino mo maaaring ibahagi ang mga ideyang ito at pagkatapos ay ipanalangin ang mga ito para sa paraan ng Diyos upang umusad?

Para Sa Karagdagang Pag-Aaral...

Kabanata Siyam, *Undivided Witness*



Ika-Sampung Prinsipyo: Ang Hindi Gaanong Naabot (Least Reached) Ay Sadyang Ganyan Dahil May Kadahilanan

Mga Layunin para sa Talakayang Ito:

1. Mapapalawak ang pag-iisip ng ating koponan habang iniisip natin kung sino ang mga hindi gaanong naaabot.
2. Mas mauunawaan ng mga tao sa ating pangkat kung bakit hindi gaanong naaabot ang mga tao.
3. Magkakaroon ng panibagong kamalayan ang ating pangkat tungkol sa mga hadlang sa pag-abot sa mga hindi gaanong naaabot.
4. Mas mauunawaan ng mga tao sa ating pangkat kung paano na tayo mismo ay maraming matututunan mula sa mga taong hindi gaanong naaabot, kung paano sila magagamit ng Diyos upang baguhin tayo.

Pagrerepaso/Balik-Tanaw

1. Noong nakaraang linggo, tinalakay natin ang Ika-Siyam na Prinsipyo '*Maraming pinagsasaluhang prinsipyo ng kahusayan sa pagitan ng pagpapaunlad ng komunidad at pagbuo ng masiglang komunidad ng mga tagasunod ni Hesus*'.

Aling prinsipyo/mga prinsipyo ang namukod-tangi para sa iyo? Bakit?

Anong mga pagbabago sa palagay mo ang maaaring nais ng Diyos na ipatupad mo?

2. Maglaan tayo ng 3-4 na minuto para ibahagi kung paano natin sinagot ang mga tanong na ito.

Panimula

3. Sa linggong ito ay titingnan natin ang Ika-Sampung Prinsipyo.

Buod ng Ika-Sampung Prinsipyo: '*May Dahilan Kung Bakit Ganoon Ang Mga Hindi Gaanong Naaabot (Least Reached)*'.

Unang Bahagi: Sino Ang Mga Hindi Gaanong Naaabot?

4. Ano ang ipinahihiwatig sa iyo ng salitang 'least reached' (Hindi Gaanong Naabot)?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

5. Sa OM, tinukoy namin ang hindi pa naabot 'sa mga tuntunin ng mga komunidad kung saan':

- Walang nagbabahagi tungkol kay Hesus.
- Walang lokal na komunidad ng mga tagasunod ni Hesus ang nagbabahagi ng kanyang mga turo.
- Ang mga hadlang tulad ng wika at kultura ang naghihiwalay sa mga tao mula sa mga lokal na tagasunod ni Hesus.

6. Madalas, kapag ginagamit natin ang mga terminong tulad ng 'hindi pa naaabot' at 'hindi pa naeebanghelyo', gumagamit tayo ng malalaking numero, 'porsyento ng populasyon ng mga ebangheliko' at iba pang estatistika.

Ngunit sa OM, nang bigyang-kahulugan natin ang 'hindi pa naabot', nais nating pag-usapan ito bilang isang ideya na kailangang ihambing: 'ang komunidad na ito ay mas kaunti ang naabot kaysa sa komunidad na iyon'. Hindi natin nais na ang termino ay bigyang-kahulugan sa pamamagitan ng mga estatistika at bilang na binibilang ng ilang panlabas na grupo, o artipisyal na itinatag ayon sa mga linya ng mga grupong etniko o tribo.

A. Ano ang epekto ng isang istatistikal na pamamaraan ng 'malalaking numero' sa ating paraan ng pag-iisip tungkol sa mga hindi naaabot?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

B. Paano nais ng Diyos na isipin natin ang mga taong hindi gaanong naaabot?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

7. Sa isip na iyan,

- Sino ang mga hindi gaanong naaabot?
- Malapit ba sila sa iyo, o malayo?
- Bagama't maaari nating isipin ang mga taong tulad ng 'mga Arabo sa Hilagang Aprika' o 'mga Budista sa Tibet' bilang mga hindi gaanong naaabot, sino ang mga komunidad na malapit sa iyo na hindi gaanong naaabot, na posibleng nakatago sa paningin ng mga Kristiyano sa iyong lugar?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

Ikalawang Bahagi: “Dahil Sa Isang Dahilan”

8. Ano ang mga hadlang na nagiging sanhi na mahirap na maabot ang isang komunidad? Ano ang nagpapahirap pa lalo na maabot ang ilan sa mga taong ito?

ANG IYONG MGA SAGOT:



9. Isinalaysay ni Rosemary Hack ang kuwento ng isang taong pinangalanan niyang Sally * (hindi tunay na pangalan).

Hindi ko malilimutan noong una kong nakilala si Sally. Si Sally ay isang Malay na Muslim; sa kanyang bansa ay may mabibigat na parusa para sa parehong pagpapatotoo at pagbabalik-loob kay Kristo. Gayunpaman, may mga karagdagang hadlang si Sally na naghihiwalay sa kanya sa lipunan: siya ay transgender at nabubuhay na may HIV. Dahil tumatakbo at nagtatago mula sa mga awtoridad, nahihirapan siyang makakuha ng mga serbisyong medikal, o humingi ng proteksyon sa pulisya; kailangan niyang iwasan ang pulisya dahil ilegal ang pagiging transgender, at ang mga transgender ay madalas na napapailalim sa malupit na pambubugbog ng mga dapat sana'y magpoprotekta sa kanila. Sino ang magdadala ng mabuting balita ni Kristo kay Sally, tatayo kasama niya at magtataguyod para sa kanyang mga pangunahing karapatan bilang isang tao na nilikha ayon sa wangis ng Diyos?

Matapos itong ikuwentong ito, sinabi niya: 'Marahil ay magiging lubhang hindi comfortable ang karamihan sa atin kapag pumasok tayo sa mundo ni Sally'.

Sumasang-ayon ka ba? Paano tayo nagiging hindi komportable dahil sa mga taong hindi natin lubos na naaabot? Bakit?

ANG IYONG MGA SAGOT:



10. Kaya, habang iniisip natin ang mga hindi gaanong naaabot at ang mga hadlang na naghihiwalay o nagtatago sa mga ito, kaninong mga hadlang ang mga ito? Maaari kayang ang ilan sa mga hadlang na ito ay ang sarili kong mga hadlang?



Ano ang ilang hadlang na talagang akin, hindi sa kanila?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

11. Saan sa tingin mo naroon si Hesus ngayon? Bakit?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

Ikatlong Bahagi: Ano Kaya?

12. Minsan iniisip natin na nasa atin na ang lahat ng sagot, na wala tayong dapat matutunan—kahit papaano hindi mula sa 'komunidad ng hindi pa naabot' na gusto nating paglingkuran. Isang kasamahan mula sa South Africa ang nahirapan sa ganitong saloobin nang bumisita siya sa isang kampo ng mga refugee.

Sa tuwing nagmamaneho ako papunta sa kampo ng mga refugee, may nakikita akong matandang babae na nakaupo sa tabi ng highway. Nagpatuloy ito nang ilang linggo hanggang sa wakas ay nakinig ako sa pahiwatig ng Espiritu na nagsabing: 'Nakikita mo ba siya? Nakikita ko siya. Huminto ka para sa kanya.

Isang araw, ginawa ko iyon, at isa itong karanasang nagpabago ng aking pananaw. Nakilala ko siya bilang si Hesus para sa akin— napakapagpakumbaba, ibinabahagi ang ating pagkatao at pinararangalan siya kung sino siya. Hindi ko ginawa ang pasalitang Pagbabahagi sa kanya ng ebanghelyo, ngunit naniniwala akong talagang naipakita ko ang ebanghelyo sa kanya. Tunay kong natagpuan si Hesus sa kanya, ang pinakamaliit sa mga ito. Marahil ang mga hindi gaanong naaabot ay mas naaabot kaysa sa inaakala natin, at kailangan nating maantig sa mga bagong paraan ni Hesus sa pamamagitan nila.

A. Ano ang natutunan ng babaeng ito mula sa matandang babae? Ano ang ibig sabihin ng kaniyang huling pangungusap, na tayo ay naaantig ni Hesus sa pamamagitan nila?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

B. Naranasan mo na ba ang ganito? *Kailangan mo bang makaranas ng ganito?*

ANG IYONG MGA SAGOT:

13. Nagkukuwento si Rose ng pagbabago, isang kuwento ng isang diskarte mula sa ibaba pataas ng mga taong nangangailangan na tumutulong sa kapwa na nangangailangan.

Sa bulubunduking Nepal, ang mga taong nabubuhay na may HIV ay lubos na nasusuklaman at napapailalim sa diskriminasyon. Habang ang bansa ay nakararanas ng pabago-bagong paglago ng simbahan sa ilang rehiyon, ang mga taong nabubuhay na may HIV ay naiiwan, nakikisama, at nasusuklaman maging ng simbahan—at ng kanilang mga sarili, na naniniwalang ang kanilang pinagdaanan ay sumasalamain sa nararamdaman ng Diyos para sa kanila.

Noong una, karamihan sa mga serbisyo para sa HIV ay makukuha lamang sa Kathmandu, ang capital nang Nepal. Ang mga taong may HIV ay pumupunta sa lungsod para magpagamot o namatay sa kanilang mga nayon. Marami ang napunta sa malaking lugar na ito.

Isang malawak na lungsod na walang tutulong sa pag-baybay sa sistema ng ospital at walang matutuluyan kung sila ay mga outpatient.

lilang tagasunod ni Hesus, karamihan ay mga Nepali na may HIV, ang nagsakripisyo ng kanilang sariling oras at ginhawa, na nagbibigay ng matutuluyan at tumutulong sa mga bagong pasyente sa ospital. Nagsimula sila ng mga outpost sa mga rural na komunidad nang maraming oras ng napaka-hindi komportable at mapanganib na paglalakbay.

Ang pagpapahayag kay Kristo at pagtulong sa komunidad ng Nepali na ito ay magkaugnay. Alam ng mga may HIV na nakikipag-ugnayan sa ministeryo na sila ay minamahal, na may nakakaintindi at tutulong sa kanila sa kabila ng kanilang kahihiyan at pagkakahiwalay sa lipunan. Sa mga buwanang pagpupulong ng support group, ang mga Hindu, Muslim, at Kristiyano ay sama-samang kumakain, nananalangin, at sumasamba sa Diyos.

Hindi pangkaraniwan ang mga pagtitipong ito ng mga tao mula sa iba't ibang pananampalataya at grupo ng tao; ang pagbahagi nila ang kanilang mga paghihirap at pahihiling ng panalangin ay nakadaragdag sa kakaiba ng sitwasyon. Mayroon silang dalawang bagay na magkatulad: ang HIV at ang ministeryo ng mga tumutulong sa kanila. Marami ang hindi pa mananampalataya ngunit nasa isang paglalakbay patungo kay Kristo. Ang matandang ina ng isang kliyente ay kamakailan lamang bininyagan at nagsimulang sumunod kay Hesus. Tinanong ang kanyang anak kung siya ay isang mananampalataya;

ang kanyang sagot, 'Hindi pa!' ay may kasamang ngiti at pahiwatig na oras na lamang ang kailangan.

Pag-isipan natin ang kuwentong ito ng isang komunidad na hindi gaanong naaabot ngunit sa isang antas ay naabot ng mabuting balita.

A. Ano ang problema, at paano ito nalutas? Sino ang gumawa ng mga hakbang upang baguhin ang mga bagay-bagay? Madali ba ito para sa kanila?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

B. Ano ang nagbuklod sa mga taong may lahing Hindu, Muslim, at maging Kristiyano?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

Konklusyon

14. Tinatapos ni Rose ang kanyang kabanata sa pamamagitan ng pagsulat:

Ang mga hindi gaanong naaabot ay kadalasang nakatago, hiwalay hindi lamang sa atin kundi pati na rin sa kanilang sariling lipunan dahil sa mga mapanganib na kapaligiran, panganib, sakit, kasarian, stigma, kahirapan, at masalimuot na sapot ng kasalanan. Paminsan- minsan ay natatago sila dahil sa ating sariling pagkabulag, o dahil lamang sa ating pagkabigong magmasid gamit ang pandama na pinapagana ng Espiritu. Kapag sinasadya nating magsumikap nang husto upang hanapin, samahan, unawain, at paglingkuran sila, baka mapunta tayo sa mga lugar na hindi natin inaasahan. Sa mga salita ni Bryant Myers [sa isang pakikipag-usap kay David Greenlee], isang 'kaaya-ayang sorpresa' na maaaring magbukas ng mga puso at isipan sa paglilingkod at pagmamahal na hinihimok tayo ni Kristo na ialay.

Naranasan mo na ba ang ganitong uri ng kaaya-ayang sorpresa na binanggit ni Bryant Myers? Pakisabi naman sa grupo ang karanasang iyon.

15. Ngayon ay tiningnan natin kung SINO ang mga 'hindi gaanong naaabot' at BAKIT sila maaaring 'hindi gaanong naaabot'.

Paano ito nauugnay sa ating mga natalakay na sa mga nakaraang talakayan?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

16. Ano ang pagkakaibang nagagawa ng usapan natin ngayon? Mayroon ba tayong gustong baguhin? Kung gayon, ano?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

Para Sa Pansariling Pagninilay:

Kailan dumating ang ebanghelyo sa iyong komunidad, sa inyong mga tao, o nayon, o tribo? Maaaring matagal na iyon kung ikaw ay mula sa isang lugar tulad ng Greece; o 200 taon na ang nakalilipas para sa ilan sa Africa; o kamakailan lamang para sa iba.

Paano nakarating ang ebanghelyo sa iyong komunidad o mga tao? Paano ito nakarating sa iyo? Ibig sabihin, paano naging hindi na “least reached” and inyong komunidad?

Paano ka hinihikayat ng sarili mong kwento, ng kwento ng iyong komunidad, habang isinasaalang-alang mo ang pagtulong sa ibang mga komunidad na maging mga tagasunod ni Hesus sa halip na maging 'pinakamaliit na naaabot' (least reached) ?

Para Sa Karagdagang Pag-Aaral...

Kabanata Sampung, *Undivided Witness*



Pagbabalik-Tanaw At Ang Ating Mga Natutunan

Mga Layunin para sa Talakayang Ito:

1. Sabay-sabay nating rerepasuhin ang mga Prinsipyong ating tinalakay at ituturo ang mga pangunahing punto ng ating natutunan.
2. Tutukuyin natin ang ilang tiyak na hakbang na maaari nating gawin upang maisabuhay ang ating natutunan.
3. Magbabahagi tayo ng mga ideya kung paano mapapabuti ang pagsasanay para sa iba na kukuha nito sa hinaharap.

Pagrerepaso/Balik-Tanaw

1. Noong nakaraang linggo ay tiningnan natin ang Ika-Sampung Prinsipyo: *'May dahilan kung bakit ganoon ang mga hindi gaanong naaabot (Least reached).*

Ang personal na pagninilay ay ang sumagot: Kailan dumating ang ebanghelyo sa inyong komunidad, sa inyong mga tao, o nayon, o tribo? Paano dumating ang ebanghelyo sa inyong komunidad o mga tao? Paano ito dumating sa inyo? Ibig sabihin, paano tumigil ang pagiging 'pinaka-hindi naaabot' (least reached) ng inyong komunidad?

Paano ka hinihikayat ng sarili mong kwento, ng kwento ng iyong komunidad, habang isinasaalang-alang mo ang pagtulong sa ibang mga komunidad na maging mga tagasunod ni Hesus sa halip na maging 'pinakamaliit na naaabot'?

2. Maglaan tayo ng 3-4 na minuto para ibahagi kung paano natin sinagot ang tanong na iyan.

Pagbabalik-Tanaw Sa Mga Prinsipyo

3. Isinaalang-alang natin ang Sampung Prinsipyo para sa Hindi Nahahating Pagsaksi, mga prinsipyong may kaugnayan sa mga tagasunod ni Hesus at ang pag-unlad ng komunidad na kabilang sa mga hindi gaanong naaabot.

Mayroon ba sa mga prinsipyong ito ang napansin mong napakahalaga? Maaari ba nating paghiwalayin ang mga prinsipyo—o kailangan ba nilang panatilihin magkakasama? Ano ang mangyayari kung susubukan nating paghiwalayin ang mga ito?

ANG IYONG MGA SAGOT:

- Buod ng Unang Prinsipyo: “Ang pag-unawa sa kaharian ng Diyos ay pundamental”
- Buod ng Ikalawang Prinsipyo: “Ang pag-unawa kung paano pumapasok ang mga tao sa kaharian ng Diyos ang humuhubog sa kung paano natin isinasagawa ang ministeryo,”
- Buod ng Ikatlong Prinsipyo: “Ang mabuting balita ay nakakaepekto sa buong pagkatao at sa buong ginagalawang katayuan ng mga tao.”
- Buod ng Ika-Apat na Prinsipyo: “Ibinabahagi natin ang malawak na pananaw sa pagluwalhati kay Kristo habang ang mga tao ay sumasampalataya At ang mga komunidad ay naaapektuhan ng kaharian.”
- Buod ng Ika-Limang Prinsipyo: “Ang panalangin at espirituwal na pakikidigma ay mahahalagang bahagi ng proseso ng pagbabago.”
- Buod ng Ika-Anim na Prinsipyo: “Ang pangangalaga sa sangnilikha ay isang pagpapahayag ng pagsamba, pagsaksi at pagsunod.”
- Buod ng Ika-Pitong Prinsipyo: “Ang tunay na pagbabago ay nangangailangan ng isang pangitain para sa masiglang komunidad ng mga tagasunod ni Hesus at ang pagpapanibago ng mga indibidwal at komunidad.”
- Buod ng Ika-Walong Prinsipyo: “Ang mga manggagawa sa pagpapaunlad ng komunidad ay nakatuon sa propesyonal na kahusayan.”
- Buod ng Ika-Siyam na Prinsipyo: “Maraming pinagsasaluhang prinsipyo ng kahusayan sa pagitan ng pagpapaunlad ng komunidad at pagbuo ng masiglang komunidad ng mga tagasunod ni Hesus.”
- Buod ng Ika-Sampung Prinsipyo: “May dahilan kung bakit ang mga hindi gaanong naaabot ay ganoon.”

Buong Tao, Hindi Nahahating Saksi

4. Sa kaniyang Epilogo sa aklat *Undivided Witness*, isinalaysay ni Dr. Paul Bendor-Samuel ang isang kuwento mula sa kanyang karanasan sa Hilagang Aprika, isang karanasang nagbigay ng pamagat para sa aklat.

Ang mga inanyayahan ng Diyos na lumahok sa mahalagang ministeryo sa mga hangganan ng pagpapatotoo ng ebanghelyo ay nakakatuklas na ito ay isang lugar ng malalim na personal na pagkatuto at paglago: isang paglalakbay ng pagiging disipulo. Iyan ang tiyak na naranasan namin ng aking asawa sa loob ng labindalawang taon na ginugol namin sa pagtatrabaho sa Hilagang Aprika sa ugnayan ng pag-unlad ng komunidad at paglago ng mga komunidad ng mga tagasunod ni Hesus. Isang kuwento ang naaalala ko mula sa mga panahong iyon:

Tinawag ako para maglakbay mula sa kabisera patungo sa isang liblib na probinsya kung saan ang isa sa aming mga pangkat ay nagtatrabaho nang halos limang taon. Sa nakaraang dalawang taon, isang maliit na grupo ng mga tagasunod ni Hesus ang lumago mula sa patotoo ng isang lalaki na ang buhay ay nabago. Nahuli siyang may ginawang kalokohan sa pananalapi kung saan siya nagtatrabaho, nagulat siya nang patawarin siya ng kanyang boss, isa sa aming team, at bigyan siya ng pagkakataong magbago. Ang kanyang tugon ay humingi ng kopya ng 'aming libro'. Sino ba ang Hesus na ito na kayang magpabago sa pag-uugali ng isang tao nang kakaiba sa karamihang mga boss? Ito ang simula ng isang proseso ng pagbabago, isang pakikipagtagpo kay Kristo na nagpabago sa kanya, sa kanyang asawa, at sa kanyang pamilya, at pagkatapos ay nagsimulang kumalat sa iba sa komunidad. Pagkalipas ng ilang buwan, nagpasya ang pulisya na tama na at ang grupo ay isinara.

Hindi pa rito nagtatapos ang usapin. Ang Regional Director of Health, ang aking pinakamalapit na kaibigan sa bansa, ay naeskandalo at nagalit. 'Anong mga panghihikayat ang ibinigay ninyo para hikayatin siyang magpalit ng relihiyon? Sinira ninyo ang kultura namin.' Napakabilis na umatras ang Ministry of Health sa lahat ng aming mga proyekto, na nag-iiwan sa kinabukasan ng organisasyon na nakabitin sa kawalan. Kaya naman natagpuan ko ang aking sarili na nagmamaneho papunta sa isang pulong kasama ang gobernador ng probinsya, nang walang ideya kung ano ang aking sasabihin. Pumasok ako sa kanyang malaking opisina at malugod akong tinanggap.

'Kamahalan,' panimula ko, 'alam ninyo na kami ay mga Kristiyano, sinusuportahan ng mga simbahan. Palagi naming ibinibigay ang aming pinakamahasag sa propesyon, naghahangad na maglingkod nang may integridad. Ang motibasyong nagtutulak sa kahusayan ng aming propesyonal na gawain ay nagmumula sa aming karanasan sa pag-ibig ng Diyos. Ang parehong motibasyon na ito ay nangangahulugan na kapag may nagtanong sa amin tungkol sa aming pananampalataya, kailangan naming ibahagi ang tungkol sa pag-ibig na aming tinanggap nang malaya. Iginagalang namin na ang inyong bansa at may karapatan kayong anyayahan kaming manatili o hilingin sa amin na umalis. Gayunpaman, kami ay buong tao at hindi ninyo kami maaaring hatiin sa dalawa. Hindi kami maaaring magkaroon ng propesyonal na kahusayan nang walang kahandaang ibahagi kung ano ang bumubuo sa amin kung sino kami.' Buong-buo, nakipagkamay ang Kanyang Kamahalan sa akin at hiniling sa amin na manatili.

Pagkatapos ay sinabi ni Dr. Bendor-Samuel na tayo ay 'buong tao, o hindi talaga' dahil nagdadala tayo ng isang maluwalhating buong ebanghelyo.

*Sa pagbabalik-tanaw sa ating mga talakayan sa pamamagitan ng programang ito ng pagsasanay, ano ang ibig sabihin ng pagiging 'buong tao'? Ano ang ibig sabihin *Hindi Nahahating Saksi o Ganap na Saksi* para sa iyo?*

ANG IYONG MGA SAGOT:



Paano ito nauugnay sa mga ideya ng *Demonstrasyon* at *Paliwanag* ng ebanghelyo?

ANG IYONG MGA SAGOT:



Gawin Mong Personal

5. Pakiisip ang mga tanong na ito para sa sarili mong pagkatuto at ibahagi ang mga ito sa iyong grupo at sa mga pinuno ng programang ito ng pagsasanay.

- Ano ang naging pagbabago para sa iyo ng pag-aaral na ito?
- Anong mga katotohanan at impormasyon ang iyong natutunan?
- Anu-ano ang mga tanong mo na hindi pa nasasagot?
- Mayroon bang mga kasanayang sa tingin mo ay dapat mong paunlarin?
- Anong aplikasyon sa palagay mo ang nais ng Diyos na gawin mo? Ang iyong pangkat?
- Paano mo gagawin ang mga aplikasyong iyon?

Salamat sa pakikilahok!

Maraming salamat sa pakikilahok sa programang ito ng pagsasanay. Pinaghirapan naming bumuo ng mga yunit—at salamat din sa pagsisikap ninyong pag-aralan ang pag-aaral!

Lubos naming ikalulugod na marinig mula sa iyo kung paano nakatulong ang kursong ito para sa iyo, at kung paano mo ito isinasabuhay. Tinatanggap din namin ang iyong mga mungkahi upang mapabuti ang materyal.

Panghuli, sana'y isaalang-alang ang pagbabasa ng libro *Undivided Witness*, inilathala ng Regnum noong 2020 at inedit nina David Greenlee, Mark Galpin, at Paul Bendor-Samuel. Makukuha ito sa pamamagitan ng mga tagapaglathala ng Regnum sa UK at sa iba't ibang online bookstore bilang isang naka-print na libro at sa mga format na eBook. Tingnan <https://www.regnumbooks.net/> o www.kobo.com, Amazon, at iba pa.

Ang pangkat ng mga manunulat na *Exploring Undivided Witness*,

Tinashe Mafuta, Andrea Vogt, Sally Ababa, at David Greenlee Hulyo 2025

Paglalagay Paggalugad sa Hindi Nahahating Saksi (Undivided Witness) sa Aksyon

Nag-uusap kami tungkol sa *Hindi Nahahating Saksi (Undivided Witness)*, ang ideya ng hindi paghihiwalay ng demonstrasyon mula sa paliwanag ng ebanghelyo.

Habang papalapit na tayo sa pagtatapos ng ating pag-aaral, mangyaring simulan ang pagsasaalang-alang sa mga tanong na ito at isulat ang iyong mga sagot.

Ang mga kaisipang ito ay pangunahing para sa iyong sariling pagninilay, mga desisyon, at aplikasyon. Ang magagandang sagot ay iyong mga makakatulong sa iyong isabuhay ang iyong natutunan. Gayunpaman, hindi mo na kakailanganing ibahagi ang mga ito sa iba.

- Isaalang-alang kung kailan at paano mo maibabahagi ang mga ito sa ilan sa iyong pangkat, sa iyong mga lider, at iba pang mga kasamahan sa angkop na oras.
- Gayundin, kapag nagkita-kita tayo para sa Yunit 11, bibigyan ka namin ng pagkakataong ibahagi ang iyong mga saloobin sa iba pang miyembro ng grupo.

Sana'y makatulong ang iyong mga sagot sa mga tanong 1-4 sa paggawa ng isang mahalagang plano ng aksyon habang sinasagot mo ang mga tanong 5-6.

Habang tayo ay sumusulong, tandaan lamang na may mga taong handang tumulong sa inyo, kabilang ang mga tagapagpadaloy ng kurso. Makipag-ugnayan sa amin sa ExUW.Int@om.org.

1. Ano ang naging pagbabago para sa iyo ng pag-aaral na ito?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

2. Anong mga katotohanan at impormasyon ang iyong natutunan?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

3. Anu-ano ang mga tanong mo na walang kasagutan?

ANG IYONG MGA SAGOT:

✓
✓
✓

4. Sa tingin mo ba ay dapat mong paunlarin ang iyong mga kasanayan?

ANG IYONG MGA SAGOT:



5. Anong aplikasyon sa tingin mo ang nais ng Diyos na gawin mo? Ang iyong pangkat?

ANG IYONG MGA SAGOT:



6. Paano mo gagawin ang mga aplikasyong iyon?

ANG IYONG MGA SAGOT:

